# *Isang Super Na Pandama*

Ako'y pumipiging pa, rin, sa pagpapala na 'yun kaninang umaga.

Oh, lubhang, sagana't, di sukat maisip, ang mga bagay na ginagawa ng Diyos para sa atin kapag tayo'y nagkakatipon na sama-sama! Napansin n'yo ba simula nang gawin natin itong paghahandog sa Diyos, kung gaano ngang may mga bagay na napangyayari rito? Sunud-sunod ang pagpapala at pagpapala, kapangyarihan at kapangyarihan, kaluwalhatian at kaluwalhatian! Kahanga-hanga talaga. At tuluy-tuloy Niya 'yang gagawin. Ang mga panyong ito'y, naipanalangin ko na, kung—kung narito sila na mga nagmamay-ari ng mga ito.

2 Ngayon gusto ko lang banggitin ito, isa o dalawang minuto lang, at unang-una'y pasalamatan kayong lahat para rito sa mainam na Pamaskong regalo, na amerikanang ibinigay n'yo sa akin. Ganoon din ba ang natanggap mo, Kapatid na Neville? [Sinasabi ni Kapatid na Neville, "Siyanga, po. Siyanga, po."—Pat.] Siyanga, po. Amerikana rin pala. Sadya ngang kapaki-pakinabang ito sa mga mangangaral. ["Saktong-sakto sa akin."] Nakakatuwa! Ayos 'yan. Ngayon, pawisin kasi ang mga mangangaral, at pawis ang nagpapaluma nang mabilis sa damit sa abot ng nalalaman ko, kita n'yo. At maraming pamalit dapat ang mangangaral, lalo't maiinam na damit. Yung mumurahin kasing bulak na tela'y madaling masira, kaunting gamitan lang. Kaya, ang isa—isa pong mainam na amerikanang gaya n'yan ay maraming gamitan din.

3 At isipin n'yo, sinusuportahan n'yo sa pagreregalo ng mga damit na ito ang lingkod ng Panginoon. At pagpalain kayo ng Panginoon. Sabi ni Jesus, "Yamang ang ginawa n'yo sa maliliit na ito na Aking mga kapatid, ay sa Akin ninyo ginawa." Kaya naman hindi, dalawang ministro ang binilhan n'yo ng amerikana; si Jesus ang binilhan n'yo ng dalawang amerikana. Uh-huh. Yun ang sinabi Niya, "Sa Akin ninyo ginawa."

4 Pero yaon ngang munting Makalangit na hipo, kaninang umaga, napansin n'yo ba? Wala namang pagtawag sa pagdulog sa altar, walang kahit na ano; pero pagkatapos nung Mensahe haya't—haya't may kaginhawaan ng Espiritu Santo na sadya ngang bumuhos sa mga tao, ang kaluwalhatian ng Diyos ay kumilos, ang mga tao'y nagsitayuan dito, at doon, sa buong dako. At napansin ko ang ilan sa maiinam kong Baptist na mga kaibigan, mula sa Walnut Street Baptist Church, sa Louisville, na nakatayo sa pasilyo, na talagang puspos sa Kapangyarihan ng Diyos. Oh, ang ganda! Sila, nakatagpo ko sila pagkatapos

ng gawain, ang sabi nila, “Hayun nga ang Kapangyarihan ng Diyos.”

Sabi ko, “Tama. Hindi kayo. . .Hindi kayo nagkamali. Ang Kapangyarihan nga ’yun ng Diyos!”

5 At hindi nga kayo makahahagilap ng anumang salita para masabi. Hindi n’yo alam kung ano bang sasabihin n’yo. Ang Espiritu Santo nga ang nanguna sa pagtitipon at di n’yo lubos maisip kung anong ipangyayari niya rito. May kataimtiman, na kalugud-lugod, na mapagpakumbabang, pagkaantig. Oh, Kapatid na Pat, ’yun nga’y sadyang Langit, para sa akin. Ako po’y isa sa mga makaluma na gustung-gusto ang ganyang pakiramdam na nakapaloob Dito, kita n’yo.

6 Gaya ng sumakabilang-buhay nang si Paul Rader, ang sabi niya sa kanyang. . .May ikinukuwento siya isang beses. At ang sabi niya’y siya raw at ang maybahay niya’y nakaupo sa may hapag, at ang maybahay niya’y gustong magpunta sa isang lugar o may gustong gawin na isang bagay, at panay ang sabi niya sa maybahay niya, “Naku di ko magagawa sa ngayon,” at parang ganun, at pinuputol niya ang maybahay niya nang ganun.

7 Pagkatapos tumingin siya sa maybahay niya, at may mga luhang tumutulo na sa pisngi ng maybahay niya, at ang sabi niya sa maybahay niya, sabi niya, “Buweno, ngayon. . . ” Sa isip-isip nga niya’t sa puso niya, “Uh, kung madali siyang masaktan sa ganoon, hayaan na lang siya sigurong ganoon.” Kaya siya, palibhasa’y lalaki, haya’t itinupi niya ang kanyang diyaryo at inilapag ’yun sa may plato niya.

8 At ang maybahay nga niya’y laging tumatayo sa may pinto at hinahagkan siya nang paalam. At kapag nakalabas na siya ng tarangkahan, ang maybahay niya’y kakaway sa kanya, tapos ’yun na—’yun na ’yun, alam n’yo, hanggang sa makabalik na siya mula sa opisina niya.

9 At kaya nung umagang ’yun, sabi, nung nasa labas sila, haya’t, yaong. . .sa may pinto, haya’t, nakatayo ang maybahay niya sa tabi ng pinto, at hinagkan niya ang maybahay niya at lumakad na siya sa labas papuntang tarangkahan. Binuksan ang tarangkahan, lumingon, at ang maybahay niya ay nakatayo sa tabi ng pinto na ang ulo’y nakayuko, nagdaramdam pa rin, tapos ang sabi’y kumaway na siya para umalis, sabi’y kumaway rin ang maybahay sa kanyang pag-alis.

10 Sabi’y nagsimula na siyang maglakad sa kalsada, at bigla na lang siyang napaisip, “Ano kaya kung may mangyari sa akin bago ako makauwi, o ano kaya kung may mangyari sa kanya bago ako makabalik, na tatawagin na kami ng Diyos mula sa eksena; at napaka inam pa naman niyang babae, na ganoon nga siyang kalugud-lugod, at kung ano pa?” Tapos sabi, habang lumalayo siya sa paglalakad, mas lalong kumukutob-kutob ang kanyang puso.

11 Kaya bumaling na lang siya't tumakbo pabalik, binuksan ang tarangkahan, tumakbo patungo sa bahay, binuksan niya ang pinto. At nung buksan niya ang pinto, narinig niya na may parang umiiyak-iyak. Tumingin siya sa paligid, ang maybahay niya'y nakatayo sa likod ng pinto. Ang sabi'y hindi siya nagsabi na "patawarin mo ako," hindi siya nagsabi ng "pasensya ka na," wala siyang kahit na ano na sinabi. Ang sabi'y niyakap lang niya ang maybahay niya at hinalikan siya uli, bumaling na uli't naglakad na palabas. Tapos ang sabi'y nakalabas na siya ng tarangkahan, ang sabi'y nakatayo uli ang maybahay niya sa may pinto. Ang sabi niya, "Paalam." At ang sabi ng maybahay niya, "Paalam," sabi, katulad na katulad nga nung kung ano ang ginawa nito nung una, pero 'yung huli'y may nakapaloob nang damdamin.

12 Kaya ganito ito, kapag may nakapaloob na damdamin, kita n'yo, na ito'y tunay na mula sa Diyos.

13 Ngayon sa nominasyon kanina, ng bagong tagapangasiwa, si Kapatid na Sothmann. Tiyak ako na ang mga tagapangasiwa, at ang lahat, ay batid ngayon, na, sa dulo ng fiscal na taon, sa a-uno ng Enero, ang lahat ng mga katungkulan sa iglesya, gaya ng mga pastor at mga diyakono, at iba pa, ay tapos na. Haya't kung gusto nilang magtuloy . . . Ngayon, ang mga pastor po'y, di pala sila kasali rito. Ang ibig ko pong sabihin ay ang mga tagapangasiwa, ang mga diyakono, ang mga tagapagturo ng Sunday school at iba pa. Sila . . . Ang pastor kasi'y binoto ng iglesya, at mananatili siya hanggang, kung hanggan. At tapos—tapos sila . . . Kung ang mga tao, kung ang kasalukuyang lupon ng mga tagapangasiwa, o mga diyakono, o mga tagapagturo ng Sunday school, o kung sino pa, kung nagnanais silang magtuloy pa, maaari silang magtuloy pa. Kung ayaw na nila, kung ganun ay kailangan nilang—kailangan nilang magbitiw kung ayaw na nilang magtuloy. At kung walang anumang problema sa kanila, kung ganun ay puwede silang magtuluy-tuloy sa susunod na taon. At—at mangyari nga na kung ayaw na nilang tumuloy, kung ganun ay magkakaroon sila ng botohan, at magtatalaga ng ibang tagapangasiwa, o—o kung anuman ang katungkulan.

14 Kaya naman, di nito ipapako ang tao, nang buong buhay niya, na magsilbi sa lupon. Pero hangga't nararamdaman niya na ang Diyos ay kasa-kasama niya at tinutulungan siya, at may pagnanais pa rin siya na gawin ang bahagi niya, o bahagi niya, anuman ito, na magpapatuloy siya sa gawain ng Diyos, amin ngang ikagagalak sa tuwina na sila'y makapagsilbi kasama namin. Kita n'yo? Pero sa pamamaraan na ganito'y nabibigyan ng pagkakataon ang isang tao na makapagsilbi nang isang taon at matitingnan niya kung gusto ba niya. Ang ilan po sa mga tagapangasiwa nati'y ilang taon at taon at maraming taon na ang binilang, at maging ang mga diyakono rin, at napakainam n'yan. Pero ito nga'y walang itinatakda na haba ng panahon.

Kung may tagapangasiwa, o pastor, o kung sino man sa lupon, na sa pakiramdam nila'y di na nila kayang magsilbi pa, o sila'y lilipat ng tirahan, kung ganun ay sabihan lang nila ang iglesya, nang sa gayon ay makapaglagay ng iba na hahalili sa lugar nila.

15 At 'yan po ang nangyari rito, ngayong gabi, si Kapatid na Morgan po, Kapatid na William Morgan ay nagbibitiw bilang tagapangasiwa. Kailangan nila ng ibang tagapangasiwa. At si Kapatid na Sothmann po'y itinalaga na maging tagapangasiwa, nangyari po ito nang ibang oras, at pagkatapos itong gabi nga siya tinanggap sa lupon.

16 Opisyal na po, yamang nasa iglesya na. Sa iglesya natin, ito'y kapamahalaan ng iglesya. Ang iglesya po ang nag-aalis, o naglalagay ng tagapangasiwa, ang iglesya po ang nag-aalis ng pastor, o naglalagay ng pastor. Anuman ito, ang iglesya nga sa tuwina. Ganoon ang apostolikong pamamaraan. Ganoon mismo ang pamamaraan na ginawa sa panahon noon sa Biblia. Kaya naman, batid at gusto nating walang isang tao, kung ganoon, ang diktador o kung ano sa loob ng iglesya. Ayaw natin nang ganoon. Kaya bawat isa, bawat tao, maski ako, sa pagboto sa isang tao, ay haya't isang bilang lang ang boto, katulad ng iba pa sa simbahan dito, isang boto lang. Hindi nga ito sa porke't sinabi ko; ito'y nakasalalay sa kung anong sabihin ng iglesya, kita n'yo, kung ano ang sasabihin ng iglesya bilang katawan. Diba't nais n'yo 'yun? Oh, batid kong batay 'yan sa Kasulatan. Yun dapat ang pamamaraan.

17 Ngayon, ito'y magiging mahalagang sanlinggo para sa'kin, itong parating na, bukas, loobin ng Panginoon. Kailangan kong gumawa ng desisyon para sa parating na taon, patungkol sa lahat ng mga imbitasyon. Nais kong magtungo ng—ng opisina at kunin ang lahat ng mga imbitasyon at iuwi ang mga ito sa bahay. Kaya naman, sa susunod na ilang mga araw, tutungo ako sa pananalangin, sa Diyos, at mananalangin na Kanyang pangunahan ako't ipakita sa'kin kung aling daan ba ang dapat na tahakin at kung anong dapat gawin. Hindi tayo nabubuhay sa panahon gaya noon nung narito Siya, na pinapangunahan Siya ng Diyos mula sa isang lugar patungo sa isang lugar, at dadako Siya sa isang bayan na mananatili roon nang ilang oras at pupunta sa ibang bayan. Pero ngayon may iba nang sistema, iba na ang pagsasaayos, may grupo na ng mga ministro at marami nang mga bagay ang dapat gawin.

18 At ang paraan na ginagawa ko, ihihiwalay ko 'yung lahat ng pag-iimbita sa akin sa Aprika at ilalapag 'yun, lahat ng pag-iimbita sa India, at lahat ng sa California, sa Utah, at lahat ng pag-iimbita sa iba't ibang lugar, at isasalansan ko ang mga ito nang hiwa-hiwalay na magkakapatong. Ilalapag ko ang mga 'yun. At pagkatapos lalakad ako't mananalangin, marahil dadalhin ang aking kotse at aalis nang isang araw o dalawa. Babalik, mananalangin. Kapag may bagay na dadako

sa puso ko na magpunta sa isang lugar, haya't sisiyasatin ko't baka impresyon lang 'yun. Tapos, pagkatapos, tapos aking... kung talagang may malalim na pagtimo sa akin, babaling ako sa sangpatong na ito kung saan naroon ang naturang lugar, tapos kukuha ako ng isang liham dun at babasahin 'yun, 'yung pag-iimbita, para tingnan kung saan 'yun. Tapos, mula dun.

19 Heto po ang dahilan kung bakit ganyan ko ito ginagawa. Isipin n'yo 'yung sasakay kayo nang pitumpu't dalawang oras sa eroplano, sa mga bagyo, at taas-baba, at aalog-aalog, kung naranasan n'yo nang bumiyahe sa ibayong-dagat. Wala kang kamalay-malay! Minsan nasa taas ka, at minsan nasa baba, aalog-alog, uuga-uga, at didilim-dilim, sa loob ng mga ulap at sa ibabaw ng karagatan, nang tatlong araw at gabi. Pagkatapos sa pagtapak n'yo sa lupa, haya't ang unang sasalubong sa inyo roon ay si Satanas, "Buweno, may mga grupo po kasi ng mga ministro na ang sabi nila'y *ganito*. Ang iba'y hati sa boto, at may mga tutol." Kita n'yo?

20 Mangyari nga na masasabi n'yo ito, "Buweno, marahil di nais ng Diyos na ako'y magpunta."

21 Pero kapag ipinadala ka ng Diyos, handa ka nga para makipagtuos sa kaaway. Sasabihin mo, "Umapak ako rito, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Sumadya ako rito sa Pangalan ng Panginoong Jesus, at dito ako mamamalagi hanggang sa ang Kanyang gawain ay magampanan." Kita n'yo? At handa ka nang salubungin ang mga puwersa.

22 Haya't, mahal n'yo ako, alam ko na mahal n'yo ako. Kaya ipanalangin n'yo ako, sa sanlinggong ito, na makapagpasya ako ng tamang mga desisyon, sa pamamagitan ng inspirasyon ng Diyos na mangunguna sa akin.

23 Ngayon magkakaroon po ako ng ilang kaunting, ang tawag ko rito'y, munting patalon-talon na mga pagtitipon. Ako po'y pupunta ng Florida, sa a-otso, a-nuwebe, at a-diyes ng buwang ito; o, Tifton, Georgia. Tifton, Georgia po, sa a-otso, a-nuwebe at a-diyes ng Enero, ang ibig kong sabihin, imbis na sa buwang ito. Tapos magpupunta ako ng Glasgow, Kentucky; at marahil sa Somerset, Kentucky; at isang gabi siguro, at marahil sa Campbellsville, Kentucky. At—at gusto ni Kapatid na Rogers na magpunta ako ng isang gabi, sa kanyang lugar, na mayroon kaming... di kasi kami nakapunta nung isang beses.

24 Ngayon, ipanalangin n'yo si Kapatid na Rogers. Kami po'y nagbubuklod, ngayong araw na ito, at nahagip ko ang kamay niya at nasumpungan ko na masama ang kalagayan niya, sa pisikal. Kaya ipanalangin n'yo si Kapatid na Rogers na mga taga-rito. Malaki-laki ang nakaatang sa mga kamay niya dun, at nagdulot 'yun ng pagkanerbiyos at pagkabalisa sa kanya, at siya'y—siya'y masama ang kalusugan ngayon, at masama rin ang lagay ng kanyang maybahay. Kaya ipanalangin n'yo ang

munting mag-asawa na ito, maiinam na mga anak ng Diyos. Haya't nabanggit ko 'yun sa kanya, na loobin ng Panginoon, lalaanan ko siya ng isang gabi.

25 At si Kapatid na Ruddell, ang munti nating. . .isa sa ating munting kinakapatid na iglesya, dito sa may sisenta'y dos, munting kalugud-lugod na mahiyaing lalaki, nagtungo siya rito at di man lang tumitigil sa pagkakayuko. At nagpupunta siya ng bahay. At, oh, sa palagay ko iniisip ng mga tao na nakakaistorbo lang siya, pero may kung ano mismo sa lalaking ito na sadya ngang tunay. Ako nga'y nanatili sa kanya, at nanatiling nakaagapay sa kanya, sinasabi, "Kapatid na Ruddell, kaya mo 'yan."

26 Sabi niya, "Kapatid na Branham, kapag haharap ako sa madla rito, ang puso ko'y—ang puso ko'y parang napupunta sa lalamunan ko. At di ako—di ako—di ako makapagsalita ni isang salita."

27 Sabi ko, "Tumayo ka roon at pababain lang 'yan, at magsalita, sa Pangalan ng Panginoon." Kita n'yo? At ngayon may tabernakulo na siya na kasinglaki nito, dito sa may daangbayan, na talagang may pagkilos. Nananatili roon. Ang lalaki pong ito'y may katawagan mula sa Diyos. Kilala ko ang tatay niya, ang nanay niya. Kalugud-lugod sila.

28 At pagkatapos bibisitahin din namin si Junie, nang isang gabi, sa may New Albany. At, oh, alam n'yo, mumunting mga pagtitipon lang, na makapagdaos ako ng isang gabi rito at isang gabi naman doon.

29 Hanggang sa, kung ang lahat ng mga plano'y masusunod sa pagkaka-iskedyul, sa bandang ika-dalawampu't lima ng Enero, luluwas ako papuntang Miami, para sa World International Convention ng Full Gospel Christian Business Men. At mula dun, pupunta ng Kingston, Haiti, pababa ng Timog Amerika, at aakyat patungong Mexico. At mula dun, patungong Aprika. Mula Aprika, paakyat na naman sa Scandinavian. At iba pa, na gaya nun. Ang malaking bahagi ng taon, sa palagay ko, ay gugugulin sa mga pagtitipon sa ibayong-dagat. Kaya ako po'y ipanalangin n'yo, kailangan kong makapagpasya ng tamang pagpapasya.

30 Ngayon, 'yan po'y sa kalooban lamang ng Panginoon. Kung hindi, malugod akong magpupunta sa kung saang dako, saang lugar man ito. Di mahalaga kung saan, ako'y pupunta mismo. Mangyari nga na hangga't nakatatayo ako sa alabok na ito ng lupa na pinaglagyan sa akin ng Diyos, hinahangad ko mismong maipangaral ang Kanyang di-malirip na kayamanan hanggang sa kunin na ako ng kamatayan mula sa katawan na ito. Yan ang matibay na hangad ko, sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, kung ako lamang ay tutulungan Niya. Haya't kung aalisin Niya ang Kanyang kamay mula sa akin, papatayin ako ng diyablo.

Kaya ipanalangin n'yo na panatilihin ng Diyos ang Kanyang kamay ng awa sa akin.

31 Hindi ko po hinihiling ang Kanyang hustisya. Ang hiling ko ay ang Kanyang awa. Kita n'yo? Ang Kanyang hustisya, hindi, hindi ako karapat-dapat na tumayo roon. Haya't ang Kanyang awa mismo ang aking hinihiling, dahil di ako karapat-dapat, at wala ngang kahit sino. At kaya mas mainam na di natin hingin ang Kanyang hustisya. Ang ibig nati'y Kanyang awa.

32 Ngayon, ngayong gabi, haya't medyo paos ako, pero di ko nga matanggihan ang pagkakataon na ito, na makapangusap sa mainam na grupong ito ng mga Cristiano. Haya't sandali lang po, bago ko sabihin ang anunsyo na ito, may sasabihin po muna ako na isang bagay. Habang lahat po kayo'y nasa iisang puso ngayon, iisang pagpipisan, at ang lahat ng bagay ay tumatakbo nang may kaluguran, hayaan n'yong magbigay ako ng munting dalawang-minutong pangungusap sa aking iglesya. Kita n'yo?

33 Pakinggan n'yo ito, mga minamahal ko sa Ebanghelyo, ang aking. . .mga bituwin ko sa aking putong, kung mayroon nga ako, ang mga binili ng Dugo ng Diyos. Ginawa ko po ito para sa isang layunin, na bumalik gaya nito. Napagpasyahan namin ito sa isang lakad namin ng pangangaso, nina Kapatid na Roy Roberson, Kapatid na Banks Wood, at ako, sa isang lakad, na dalhin, pabalik. Si Kapatid—Kapatid na Roy at lahat kami'y naguusap-usap, at tungkol sa ating pastor, na si Kapatid na Neville, haya't isang lalaki na humaharap sa inyo sa tuwina, na nagpapastor at lahat, mahal na mahal natin siya. Pero, sa kabila nun, si Kapatid na Neville bilang katulungang-pastor, medyo mahirap para kay Kapatid na Neville na magtumulak doon. Kita n'yo? Kaya dalangin namin, at mistula ngang ito'y kalooban ng Panginoon na gawin ko. Ngayon, hiniling ko sa Panginoon na kung ako'y matutulungan Niya, gagawin ko ang pinaka mainam ko.

34 At matapos na gawin ko ang aking banal na paghahandog, at matapos na gawin, na ibunsod ang iglesya na gawin din ito. Ngayon, kung pinagpala tayo ng Diyos sa pamamaraang ito na Kanyang ginawa sa huling ilang pagtitipon na ito, sa munting banal na paghahandog, ano pa kayang ibubunsod Niya kung atin itong ipagpapatuloy? Kita n'yo? Sadya ngang ipagpatuloy. Ngayon pakinggan n'yo. Kayo nga'y may pagmamahalan sa isa't isa. Mangyari nga na natanaw ko kayo na nakatayo sa mga pasilyo, kaninang umaga, at sa sanlinggong ito, na ang inyong mga kamay ay nakataas sa Diyos, at—at ang kaibig-ibig na Espiritu'y kumikilos sa paligid, sa inyo!

35 Ngayon huwag na huwag kayong makikinig sa isa mang masamang bagay na sasabihin ng diyablo. Kita n'yo? Kung may ipakikita sa inyo ang diyablo na ganoon, o may bagay siyang sasabihin sa inyo na masama, tungkol sa isa sa mga bahagi ng

Katawan ni Cristo, huwag n'yong paniwalaan. Dahil, sa punto na paniwalaan n'yo 'yun, dudungisan n'yo ang karanasan n'yo.

36 At kung may makita kayong isa sa mga bahagi ng Katawan ni Cristo na gumagawa ng masama, huwag n'yong sabi-sabihin pa sa kung kani-kanino. Haya't dumiretso kayo nang punta sa miyembro na 'yun, at nang may pag-ibig, at tingnan n'yo kung maipapanumbalik n'yo siya kay Cristo muli. At kung di n'yo magawa, doon mo pa lang sabihin sa isang tao, at ang tao na ito'y pasamahin mo sa iyo. Gawin n'yo ito sa pamamaraan na sinasabi ng Kasulatan. Kita n'yo? Pero huwag . . .

37 Kung may magsabi sa inyo, "Naku si Kapatid na babaing *Ganito-at-ganoon*, o si Kapatid na lalaking *Ganito-at-ganoon*," huwag n'yo ngang katigan ang isa mang salita nun. Hayaan n'yo lang. Dahil, tandaan n'yo, ang diyablo 'yan na sumusubok na paggutay-gutayin kayo nang pira-piraso. Ngayon magbigay lang kayo ng pagkakataon na siya'y makapasok, aba'y gagawin nga niya. Ngayon ang gawin n'yo ay yaong mabuting lalaki ng bahay, ang pananampalataya, ang patayuin n'yo dun, at huwag kayong tatanggap ng kahit ano. Ang mga taong ito'y nauupo kasama n'yo sa Makalangit na mga dako, nakakasama sa pagbubuklod sa palibot ng mga pagpapala ng Diyos, nakikibahagi sa komunyon sa may hapag, at ang Espiritu Santo'y saksi mismo na sila'y mga anak ng Diyos. Tayo nga'y maging tunay mismo na kalugud-lugod, na may mabuting puso, na mapagpatawad, maibigin. At kung may ibang tao na magsasalita nang masama laban sa inyo, makipag-usap pa rin kayo nang may kaluguran sa kanila. Masdan n'yo nga kung papaanong lulukob sa inyo ang sadyang kaluguran. Kita n'yo? Ganoon po. Laging mabuti ang iganti n'yo sa masama, pag-ibig ang iganti sa pagkagalit. At sadyang . . .

38 Mainam ba ang pakiramdam mo riyan, iha, munting batang babae diyan sa likod? Sige mainam. Ipinagpapasalamat ko. Oo. Nagbalik . . . Kanina'y namimilipit siya nang husto sa likod, at pinalaya na siya ng Panginoong Jesus at siya'y iprinesenta sa pagtitipon. Tayo nga'y lubos na nagpapasalamat diyan. Yan ang dahilan kung bakit bumaba ako mula sa pulpito, kanina. Ang sabi'y kanila na raw "ipinagdasal at ipinagdasal, pero di pa rin maidulog sa Panginoon."

39 Ngayon, siguraduhin n'yong gagawin 'yan. Ipangako n'yo ang inyong sarili riyan, sa Diyos. "Diyos, sa pamamagitan ng Iyong biyaya, 'yan mismo ang aking gagawin." Kahit na ano-ano pa ang sabi-sabihing masama ng kung sino; ang ibalik n'yo ay kabutihan. Huwag kayong mag-isip nang masama. Kung nakapag-iisip pa rin kayo nang masama, tapos magpapanggap lang na sasabihin ito, kung ganun—kung ganun—kung ganun ay nasa mali kayo. Ang gawin n'yo ay manatili na inihahandog ang inyong sarili sa Diyos hanggang sa tunay na mainam na ang nararamdaman n'yo sa tao na 'yun. Ganoon 'yun. Tapos ang katimyasan ng mga pagpapala ng Diyos ay sadya ngang,

oh, sadyang babalutin nito ang inyong kaluluwa. Sa ganoong paraan kayo makakapamuhay nang matagumpay, pagkatapos wala nang anumang bagay ang makasasaling sa inyo hangga't nasa pag-ibig kayo. Buweno, sasabihin n'yo . . . Kita n'yo?

40 "Maging mga wika, ay titigil. At maging karunungan n'yong kamit, ito'y maglalaho. Ang mga propesiya, ito'y di matutupad. Pero kung kayo'y may pag-ibig, ito'y magtatagal kailanman." Kita n'yo?

41 At huwag n'yo lang ibigin 'yung mga nagmamahal sa inyo, bagkus ibigin n'yo 'yung mga hindi umiibig sa inyo. Dahil, madali para sa akin na ibigin ang umiibig sa akin, pero 'yung subukang ibigin 'yung isang tao na di kayo iniibig. Diyan n'yo nga masusubok kung kayo'y Cristiano ba, o hindi. May tao na di kayo iniibig, at sa kabila nun, sa puso n'yo, iniibig n'yo sila. Ngayon, kung di n'yo gagawin 'yan, manghawakan lamang sa Diyos. Nariyan at nariyan 'yan, dahil nababatid ko na ito ang Katotohanan. Amen. Batid ko na ito ang Katotohanan.

42 Ngayon bubuklat na po tayo sa mahalagang Salita, ngayon, sa Aklat ng Mga Hebreo, haya't sa ika-11 kabanata, sa isang—isang maiksing Mensahe lamang.

Medyo paos po ako, pero nagtamasa nga ako ng mainam na hapon kasama ang mga kapatid na lalaki't mga kapatid na babae. At nakapasok lang ako nung mag-alas sais na. At nagmadali akong pumasok sa silid at lumuhod sa tabi ng kama, sa silid-tulugan, at nanalangin nang kaunting sandali. Tumayo, at kinuha ko ang Biblia ko at nagsimulang magbasa. At may nakita akong magasin na nakapatong dun, at kinuha ko 'yun. At ang sulat po dun ay Afrikaan, kaya di ko mabasa.

43 At kung minsan, sa pagbabasa, may matatamaan ka roon na isang salita, at 'yung salita na 'yun ay magiging buhay sa iyo. Sa ganoon ngang paraan nahahango ng isang ministro, ang mensahe niya. Magsimula lang magbasa, magbabasa ng Biblia, may bagay roon. Malalaman mo na lang, may bagay ka na matatamaan dun, tapos may bagay na dadagdag dun sa bagay na 'yun, may bagay na dadagdag sa bagay na 'yun. Tapos, iyo ngang sasalungguhitan 'yun, at magpupunta ka sa pulpito at babasahin 'yun. Ang Diyos na ang bahala sa iba pa. Kita n'yo? Siya na ang bahala sa iba pa.

44 Ngayon, minsan dinadala ka nito sa mga dako-dako, na anupa't isinusulat mo ang munting mga pagbubulay na ito, mumunting mga tala tungkol sa binubulay mo. Kung minsan may pagtitipon, na kailangan mong magmadali na makasampa sa entablado, na, binabasa-basa mo lang ang mumunting mga pagbubulay na 'yan na mayroon ka, na nawa'y ang Espiritu Santo na ang magbibigay-buhay sa mga pagbubulay na ito sa iyo muli. Maraming beses ko na 'yang nagawa.

45 Ngayon Mga Hebreo 11, basahin po natin ang unang talata, doon tayo magsimula, at magbasa tayo ng ilan pang talata.

> *Ngayon, ang pananampalataya ay siyang kapanatagan sa mga bagay na hinihintay, ang katunayan ng mga bagay na hindi nakikita.*
>
> *Sapagka't sa pamamagitan nito ang mga matanda ay sinaksihan.*
>
> *Sa pananampalataya ay natatalastas natin na ang sanglibutan ay natatag sa pamamagitan ng salita ng Dios, ano pa't ang nakikita ay hindi ginawa sa mga bagay na nakikita.*

46 Di po ba't napakayaman n'yan? Hayaan n'yong basahin ko uli ang ika-3 talata na 'yan uli. Pakinggan n'yong maigi:

> *Sa pananampalataya ay natatalastas natin na ang sanglibutan ay natatag sa pamamagitan ng salita ng Dios, ano pa't ang nakikita ay hindi ginawa sa mga bagay na nakikita.* (Ang Salita nga ng Diyos.)
>
> *Sa pananampalataya si Abel ay naghandog sa Dios ng lalong mabuting hain kay sa kay Cain, sa pamamagitan nito'y sinaksihan sa kaniyang siya'y matuwid, na nagpapatotoo ang Dios tungkol sa kaniyang mga kaloob: at sa pamamagitan nito…patay na siya ay* nagsalita *pa.*
>
> *Sa pananampalataya si Enoc ay inilipat upang huwag niyang makita ang kamatayan at hindi siya nasumpungan, sapagka't ang Dios…siya'y inilipat: sapagka't bago siya inilipat ay pinatotohanan sa kaniyang, siya'y naging kalugodlugod sa Dios.* (Haya't sa buong limang daan taon ng buhay niya, siyanga.)
>
> *At kung walang pananampalataya ay hindi maaaring maging kalugodlugod sa kaniya: sapagka't ang lumalapit sa Dios ay dapat sumampalatayang may Dios, at siya ang tagapagbigay ganti sa* mga *sa kaniya'y nagsisihanap.*
>
> *Sa pananampalataya si Noe, nang paunawaan ng Dios tungkol sa mga bagay na hindi pa nakikita, dala ng banal na takot, ay naghanda ng isang daong sa ikaliligtas ng kaniyang sangbahayan; na…sa pamamagitan nito ay hinatulan niya ang sanglibutan, at naging tagapagmana ng…katuwiran na ayon sa— ayon sa pananampalataya.*

47 Ngayon tayo lamang po'y manalangin pansumandali, at iyuko ang ating mga ulo.

48 Panginoon, ang aming Pinaka Mapagbiyayang Diyos at Ama, kami po'y dumudulog ngayon sa Iyong Presensya muli, nang may pasasalamat. At di lang kami nakadarama na kami'y

nasa Iyong Presensya dahil iniyuko namin ang aming mga ulo para manalangin, bagkus naniniwala kami na kami'y nasa Iyong Presensya sa tuwina, dahil, sinabi, "Ang mga mata ng Panginoon ay nagsisiyasat sa palibot ng buong lupa." At batid Mo ang lahat ng mga bagay, at batid Mo ang kaisipan ng puso.

49 Kaya naman, Panginoon, ang dahilan kung bakit iniyuyuko po namin ang aming mga ulo, ay para hingin ang pakiusap na ito, na Iyong patawarin kami sa lahat ng mga pagkakamali namin at pagsuway laban sa Iyo, at ang Iyong habag ay muling mapalawig sa amin, na anupa't bubuksan Mo ang aming mga labi upang makapagsalita, at ang aming mga tainga para makarinig, at ang Iyong Salita'y maging realidad mismo sa amin, sa gabing ito; na itong ilang mga talata na pinili namin para basahin ay maging malaking tulong sa bawat bahagi ng Iyong mistikong Katawan sa lupa, Iyong espirituwal na Iglesya, ang Iglesya ng mga Panganay, ang Iglesya ngang 'yun na binili ng Dugo ni Jesus, na hinugasan at pinaging banal, at ihaharap sa Diyos sa Araw na yaon, nang walang dungis o kulubot man. Ganoon na lamang ang pasasalamat namin sa Iyo, na nagtamo kami ng pananampalatayang ito na sumampalataya na kami'y kabahagi ng kabutihan na ito ng Diyos, sa pamamagitan ng katuwiran at kaawaan ng Panginoon naming Jesus!

50 Kami'y dumadalangin ngayon na Iyong pagagalingin ang lahat ng mga sakit. Nagpapasalamat kami sa paghipo Mo sa munting batang babae kanina, na nakahiga't namimilipit nang husto dun sa silid, dahil sa kirot; haya't ang makita mismo ang bata na lumakad palabas, tamo-tamo ang munting musmos na pananampalataya, na tinanggap Ka at ang Iyong habag. At nagpapasalamat po kami sa Iyo para rito; at dalangin namin na Iyong aalalahanin ang munting minamahal sa buhay ni Kapatid na babaing Baker na nasa Kentucky, at ang ilan pa na nabanggit ni Kapatid na Neville, at, Oh Diyos, ang hindi nga mabilang na kampamento ng mga maysakit, sa lahat ng dako. At lalong-lalo na po, Panginoon, ang mga di pa ligtas at ang mga hindi Ka pa nakikilala; kung sila po'y mamamatay sa kanilang pagkakasala, di sila makapupunta kung nasaan Ka.

51 Dalangin namin na pagkakalooban Mo kami ng pagsaksi at kapangyarihan, ng katapangan para bigkasin ang Salita, at karunungan para malaman kung kailan ba Ito sasalitain. At pagkatapos ay mangusap Ka sa amin kapag sapat na ang aming sinasabi, nang sa gayon sa aming pag-alis ay iiwan ang mga tao na manghang-mangha, binubulay, ang dakilang Espiritu Santo at ang Kanyang gawa. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon. Iyo pong pakinggan kami ngayon, ito ang aming dalangin, sa Pangalan ni Jesus ay hinihiling namin ito. Amen.

52 Nais kong mangusap nang kaunting sandali lang tungkol sa paksa na "mga pandama." Itinuro sa atin na ang natural na tao'y may limang pandama. At ang limang pandama na ito ang

nagkokontrol ng kanyang—kanyang. . . O ibinigay. . . Ibinigay ng Diyos ang limang pandama na ito sa tao, para makaugnay ng tao ang makalupang tahanan niya. At ang mga pandamang ito ay nakikilala bilang: paningin, panlasa, pandama, pang-amoy, pandinig. Ang limang pandama na ito, ay nakikilala sa natural na tao, at mainam ang mga ito. At di nga natin kayang kumilos, o mabuhay ng isang normal na buhay, kung ang isa sa mga pandamang ito'y pumalya. Ang inyong paningin, pandinig, pandama, pang-amoy, o panlasa, anupa't hindi natin kayang maging normal kung wala ang mga ito. May kung anong bagay nga na kulang, may ilang bahagi ng buhay na di natin kayang makaugnay, kung wala ang pandama na 'yan na dapat kumilos. At maiinam ang mga ito. At kapaki-pakinabang. At ibinigay ito sa atin ng Diyos.

53 Ibinigay ng Diyos ang mga pandama na 'yan, pero ibinigay ang mga ito sa inyo bilang isang kaloob. At depende ito sa kung paano n'yo, kung sa ano n'yo gagamitin ang mga pandama na ito, 'yun ang pamamaraan na ang buhay n'yo ay kinokontrol, sa kung paanong paraan n'yo gamitin ang limang pandama na ito. Kayo'y. . . Kung ano mismo ang nakikita n'yo, naririnig n'yo, nalalasahan n'yo, naaamoy, o nararamdaman. Kung saan nga ipinapasailalim ang mga pandamang ito, ang mga 'yun mismo ang mangingibabaw sa inyo.

54 At nagpapasalamat tayo sa Diyos na mayroon tayo nitong limang pandama na ito. Pero walang kinalaman ang pagkakabigay ng limang mga pandama na ito, sa inyo, para kayo'y gabayan. Ibinigay ang mga ito sa inyo para makaugnay mo ang panlupa. Pero may ibinigay nga sa iyo na ikaanim na pandama, at, ang ikaanim na pandamang 'yan, ay naroon lamang sa Cristiano. At di mo nga makakamit ang ikaanim na pandamang ito hanggang sa maging Cristiano ka muna; 'yun lang ang tanging paraan para magkaroon ka ng higit sa limang natural na pandama para sa natural na tao. Mangyari nga, na ang ikaanim na pandamang ito ay mas kilala, sa Cristiano, bilang pananampalataya. Ito 'yung nangunguna sa inyo at naggagabay sa inyo, at ito'y higit na mas mataas kaysa sa lahat ng iba pang pandama. Ito'y higit na nakatataas sa lahat ng mga pandama, na ibang, limang pandama.

55 Ngayon, hindi ko sinasabi na dahil natanggap na natin itong ikaanim na pandama ay yaong limang pandama'y wala nang gamit ang mga ito. Haya't, mayroon nga. Ang limang mga pandamang ito'y ibinigay sa inyo ng Diyos, at kailangan na magamit ang mga ito. Pero kapag ang limang mga pandamang ito'y gagawa nang salungat sa Salita ng Diyos, kung ganoon nagsisinungaling ang mga ito.

56 Ngayon, ang ikalimang pandama'y hindi nagsisinungaling. Isa itong super na pandama. At 'yan ang nais kong ipangusap. Kaninang umaga nangusap ako patungkol sa: *Isang Super Na*

*Tanda*. At ngayong gabi ay tungkol naman sa: *Isang Super Na Pandama*.

57 At ang super na pandama ay ang Espiritu Santo, ang pananampalataya ng Diyos na nananahan sa inyo. At kung ipahihintulot mo na ang limang pandama na ito'y tumalima sa ikaanim na pandama, gagabayan ka nito at dadalhin ang lahat ng iba pang limang pandama sa ilalim ng kapamahalaan ng super na pandama na ito. Dahil ito nga'y lampas-lampas ang taas kaysa sa natural na pandama, yamang ang espirituwal na tao'y mas mataas sa natural. Ito'y kasing taas, kasing taas ng kalangitan, ganoong kataas ito kaysa sa natural na tao at ang lima nitong pandama. Ibinubunsod ka nito na manampalataya sa mga bagay na di nakikita. Ibubunsod ka nito na kumilos sa dako kung saan di maiisip ng limang mga pandama. Haya't ang diyablo kasi'y may kakayahan na lumukob sa limang mga pandama na ito't dayain kayo, pero di niya kayang salingin ang super na pandamang ito. Malayong-malayo ito sa kaya niyang abutin. Ito kasi'y nanggaling sa Diyos. Pananampalataya ang tawag dito. Pananampalataya ang dakilang bagay na ito.

58 At di nakokontrol ng limang pandama ang ikaanim na pandama, pero nakokontrol ng ikaanim na pandama ang limang pandama. Nakokontrol ng super na pandama ang natural na mga pandama. At ang—ang limang pandama na ito ay paningin, panlasa, pandama, pang-amoy, pandinig. At ang super na pandama ay isang bagay na magbubunsod sa iyo na ika'y manampalataya sa Salita ng Diyos, dahil 'yun lang ang bagay na sinasalita nito. Ibubunsod ka nito na manampalataya sa mga bagay na di mo nakikita, nalalasahan, naaamoy, o naririnig, dahil panghahawakan nito ang Salita ng Diyos. At dadalhin nito ang Salita sa iyo, at ibubunsod ka na lumakad ng taliwas sa anupamang ibang bagay na mayroon na labas sa Salita ng Diyos, itong pananampalataya. Pananampalataya ang nagbubunsod nito.

59 Ngayon, kaunting pagsasalarawan lang, ng mga pandama na ito, ang natural na tao'y ipinanganak na may mga pandama na ito, kaya ang mga ito'y mga pandamang bigay-sa-natural. At 'yun lang ang tanging bagay na alam ng tao, sa kanyang intelektuwal na kaisipan. Makakapag-isip lamang siya na kaya ng isang tao. Makakakita lamang siya na kaya ng isang tao. Makauunawa lamang siya na kaya ng isang tao. Makaririnig lamang siya na kaya ng isang tao. Pero kapag ang taong ito'y napamahalaan, o nabuhay muli, o ang tawag natin dito'y "ipinanganak na muli," mangyari nga na ang ikaanim na ito, ang super na pandama'y lulukob sa kanya. Sa pangyayaring 'yan, itataas siya ng super na pandamang ito patungo sa isang dako na may pananampalataya siya na sampalatayanan ang mga bagay na di niya naririnig, mga bagay na di niya nakikita, maunawaan ang mga bagay na di niya maunawaan. Kanya nga

itong sasampalatayanan, ano't anuman, dahil pinamamahalaan na siya ng ikaanim na pandamang ito, ng super na pandamang ito. Oh, kahanga-hanga ngang malaman ito, at ang mabatid na ganito lang pala kasimpleng sampalatayanan ito!

60 Ngayon, hindi ka nga makasasampalataya maliban na ikaw ay mabagong muli muna. Sinabi ng Biblia na, "Walang kahit sino ang makatatawag kay Jesus na Cristo, maliban na sa pamamagitan lamang ng Espiritu Santo." Natalakay na natin 'yan, noong nakaraang sanlinggo. At ito'y nagiging katitisuran, lalong-lalo na sa mga taong Pentecostal ang pananampalataya, kapag naririnig nilang sinasabi ko 'yan. Sabi ni Jesus, sa San Juan 5:24, "Ang dumirinig ng Aking Salita, at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na Walang Hanggan." Ang Buhay na Walang Hanggan ay nanggagaling lamang sa Diyos, mismo. "At walang kahit sino ang makatatawag kay Jesus na Cristo, maliban na sa pamamagitan lamang ng Espiritu Santo."

61 Ang pinanghahawakan mo lang ay kung anong sinabi ng iba, kung anong natutunan mo gamit ang intelektuwal, kung ano ang natutunan mo gamit ang natural, na limang pandama. Pero kapag pumasok ang ikaanim na pandama, ang Espiritu Santo, inaalis Nito ang lahat ng pagrarason ng anim na mga pandamang ito at . . . o limang pandama. At bubuhatin ka patungo sa ikaanim na pandama na 'yun, para ibunsod ka na manampalataya sa mga bagay na di mo nakikita, nalalasahan, nararamdaman, naaamoy, o naririnig. May bagay mismo na ibinubunsod sa iyo! Tapos masasabi mo na si Jesus ang Cristo, dahil nasaksihan mo na mismo ito. Hindi dahil sa kung anong intelektuwal na turo na itinuro sa iyo, kundi sa naranasan mo mismo!

62 "Ano ngang gagawin ng ikaanim na pandamang ito, Kapatid na Branham? Bakit dumarating ang ikaanim na pandama?"

63 Dumarating ang ikaanim na pandama para sa dahilang ito. Ngayon, ang ikaanim na pandama'y pananampalataya, ang super na pandama. Ngayon kung . . . Dumarating ang ikaanim na pandama para sa dahilang ito lamang, na haya't, ibunsod ang limang mga pandama sa inyo na tanggihan ang anumang salungat sa Salita ng Diyos. Yun ang silbi ng ikaanim na pandama. Sinasalita nga ng Kasulatan ang tungkol sa "paggiba sa mga pagrarason."

64 Sa—sa limang mga pandama, maaari kang makapagrason, "Buweno, ngayon, bakit naman ang taong ito . . . Siya, bakit naman . . . ?"

65 Pero hindi nga tumitingin dun ang ikaanim na pandama. Ito nga'y malayong-malayo mula rito! Ito'y higit na mas mataas kaysa rito, na dumating sa punto na wala nang pagrarason-rason, na kahit na ano, rito. "Sinasampalatayanan namin ito." Ito'y higit na malayong-malayo sa anupamang

sasabihin ng limang mga pandama patungkol dito. Ngayon maghanda na kayo para sa isang gawaing pagpapagaling. Kita n'yo? "Sinasampalatayanan namin ito." Lumalakad ka na sa pamamagitan ng ikaanim na pandamang ito. Nagsasalita ka na sa pamamagitan ng ikaanim na pandamang ito. Nabubuhay ka na sa pamamagitan ng ikaanim na pandamang ito. Mamamatay ka sa pamamagitan ng ikaanim na pandamang ito, at babangon sa pamamagitan ng ikaanim na pandamang ito. Ang super na pandamang ito, ay isang bagay na nasa kaibuturan n'yo, na ibang-iba kaysa sa kung ano ang natural na tao.

66 Ang natural na tao'y mayroon lang kasi nito, at ayos lang naman 'yan kung madadala nila ang mga ito sa pagpapasakop sa ikaanim na pandama. Kung sinasabi ng natural na isip, na babasahin ang Salita ng Diyos, at sasabihin, "Iyon ang Salita ng Diyos," Katotohanan ang sinasalita nito. Pero kung ito nga'y magbabasa, at sasabihin, "Hindi ito ang buong Salita ng Diyos." O—o, "*Noon* ito. Noon ito, noong lumang panahon, pero hindi na Ito ganito ngayon." Pagkatapos papasok ang ikaanim na pandama, at sasabihin, "Siya'y siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman." Kita n'yo, 'yun ang pagkakaiba.

67 Yan ang dahilan kung bakit maraming mga tao ang bigong mapagaling. Sinusubukan nilang dumako roon gamit ang intelektuwal na kaisipan. Sasabihin nila, "Oh, gagawin ko—gagawin ko *ito*, o maniniwala ako *rito*, at kung ano pa."

68 Pero kung ikaanim na pandama na ang nagsasabi, wala na ngang kahit na ano ang makaliliglig nito mula sa ikaanim na pandama. Dumadako ang ikaanim na pandama, sa tao, para ibunsod nila na tanggihan ang anumang bagay na taliwas sa Salita ng Diyos. Anumang sintomas, anumang sintomas na laban sa pangako ng Diyos, sasabihin ng ikaanim na pandama na wala 'yun dun, kung ang Cristiano'y ipinanganak nang muli.

69 At malalaman n'yo na lang, may taong hindi naniniwala sa Diyos, na di-mananampalataya, na aaligid sa Cristianong ito, at sasabihin, "Ngayon tingnan mo, walang ganyang bagay na sinasabi n'yong Espiritu Santo. Nagkakamali lang kayo, diyan. Nababaliw ka, kung maniniwala ka sa ganyang mga Bagay. Walang Ganyan."

Ang ikaanim ngang pandama'y agad-agad kikilos.

70 "Sige't ipakikita ko sa iyo, sa Biblia, kung saan di mo matatanggap ang Espiritu Santo. Kita mo, maipapakita ko sa iyo rito kung saan tinanggap Ito ng mga alagad, pero—pero akin . . . "

71 "Buweno," sasabihin n'yo, "tingnan mo," at pagkatapos ituturo ka ng ikaanim na pandama, sasabihin, "pero ang sabi Niya, 'Ang pangako ay sa inyo, sa inyong mga anak.'"

72 "Buweno, ang ibig sabihin n'yan ay *kanilang* mga anak lang noon. Hindi ikaw ang tinutukoy riyan. Hindi 'yan para sa inyo."

73 Pero mas maalam nga ang ikaanim na pandama. Bakit? Ito kasi'y nariyan na sa inyo. Huli na para sabihin pa nila ito. Natanggap mo na mismo Ito.

74 Ang mga tao na nagsasabi, na, "Walang ganyang bagay na sinasabing Espiritu Santo," hindi nila alam ang pinagsasasabi nila.

75 Katulad ng isang batang lalaki, minsan, na nagbabalat ng mansanas. At natanong siya ng isang di-naniniwala sa Diyos, siya nga'y dinedebate, kinatagpo. Sabi nung lalaki, "Ano bang nagustuhan mo? Ano bang nagustuhan mo rito?"

76 Sabi niya, "Gusto po kitang tanungin ng isang tanong," habang kinakain niya 'yung mansanas at nasasarapan dito. Ang lalaki nga'y isang pangkaraniwan, na itsura ng isang delingkuwenteng tao, na ang buhok ay nakalaylay sa harap ng kanyang mukha, at may isang ngipin na nakalabas, sa harap, at ang suot ay lumang maruming overall na dyaket. Sabi ng bata, "May isa lang po akong itatanong na tanong sa iyo."

77 Sabi nung di-naniniwala sa Diyos, "Wala naman kasing ganyan na sinasabing Diyos. Emosyon lang 'yan. Walang kapararakan 'yan, ganoon lang 'yun."

78 Tapos sabi nung bata, "Sige po't gusto kong tanungin ka ng isang tanong, ginoo. Ang mansanas bang ito'y matamis o maasim?"

Sabi nung lalaki, "Paano ko malalaman? Hindi naman ako ang kumakain."

Sabi nung bata, "Sabi ko na nga ba," lumakad na palayo.

79 Papaano mo malalaman, kung hindi ka pa nakalasap sa Panginoon? Papaano mo malalaman, kung hindi mo pa mismo natatanggap ang Espiritu Santo, kung Siya ba'y tunay o kung Siya ba'y hindi? Papaano n'yo malalaman kung mayroon bang pananampalataya at kapangyarihan? Papaano n'yo malalaman na walang "galak na di masayod at puspos ng kaluwalhatian," kung di ka pa nakalalasap, para makita ito? Ang ikaanim na pandama ang magpapatnubay sa inyo patungo Roon. Ang ikaanim na pandama ang maghahayag Nito sa inyo.

80 Walang intelektuwal na kapangyarihan, na kahit na ano, ang makapaghahatid Nito sa inyo. Magrarason-rason lang kasi ang intelektuwal na mga kapangyarihan, at magsasabi, "Aba, sikolohiya lang 'yan. *Ganito* lang 'yan. At emosyon lang, sa kalagitnaan ng mga tao."

81 Pero kapag pumasok na ang ikaanim na pandama, haya't tatanggihan nito ang lahat ng mga bagay na gaya n'yan, at dadalhin ang tao diretso sa dibdib ng Diyos. "Ang lumalapit sa Diyos ay kailangang manampalataya na Siya'y Diyos, at tagapagbigay ng gantimpala sa mga sa Kanya'y nagsisihanap na masikap." Sa pananampalataya! Sa pananampalataya, si

Abraham! Sa pananampalataya, si Isaac! Sa pananampalataya, si Jacob! Lahat ay sa pananampalataya! Ang ikaanim na pandama nga ang nagbunsod nito. Tatanggihan ng ikaanim na pandama ang lahat ng mga sintomas, lahat ng sintomas, lahat ng taliwas sa Salita ng Diyos, anumang pakiramdam, emosyon.

82 May magsasabi, "Oh, buweno, naipanalangin na ako, pero di pa rin naman ako nakararamdam ng kaalwalan."

83 Hindi nga papayagan ng ikaanim na pandama na ganun na lang ito. Sasabihin ng ikaanim na pandama, "Kasinungalingan 'yan. Maalwal na ang pakiramdam ko. Bumubuti na ang lagay ko. Ang Diyos na mismo ang nagsabi, ito na 'yun. Amen. Diyos na mismo ang nagsabi." Sa Salita lamang ng Diyos nananalig ang ikaanim na pandama.

84 Super na tanda po ito, ito'y super, mas mataas kaysa sa mga pandama. Ito'y higit na pandama. Ito'y pananampalataya. Ito'y kapangyarihan na pumupukaw at nagpapakilos. Amen. Ito'y bagay na magbubunsod sa inyo na gumawa ng mga bagay na di n'yo lubos-maisip na magagawa n'yo. Ito'y ikaanim na pandama, ang super na pandama.

85 Ipinanalangin ka na. Sabihin na lang natin na may—may napilay kang kamay at ipinanalangin ka na, ang kamay mo, nagtungo ka roon at nanampalataya ka na pagagalingin ka ng Diyos. Ipinanalangin ka ng pastor, bumalik ka pagkatapos. Sasabihin ng lumang natural na tao, "Hindi naman naiba ang pakiramdam mo sa kamay na 'yan. Hindi naman bumuti ang lagay mo mula kanina." Pero darating nga ang ikaanim na pandama, at magsasabi, "Kasinungalingan 'yan. Ipinanalangin ka na. Yun na 'yun." Amen.

86 Katulad na lang ng isang babae na dumalo sa pagtitipon natin isang beses. At dumalo siya sa ating pagtitipon, dalawa sila. Lumakad sila sa entablado. Nasaksihan nila ang mga espirituwal na pagkilala. Sadya ngang—sadya ngang nasadlak ang mga kababaihan na ito. Tunay na mga Cristiano sila. Yung isa'y umakyat dito, at bumaba ang Espiritu at nagsabi, "Pinahihirapan ka ng sakit ng tiyan."

At nagliwanag ang mukha niya. Sabi niya, "Totoo po."

87 Tapos nagsalita ang Espiritu Santo sa pamamagitan ko, sabi, "Ulcer ito. Ang dahilan ay pagkanerbiyos. Ineksamin ka na ng naturang doktor na ito. At ang sabi niya'y hindi ka na raw. . .Kailangan mo na, oh, kailangan mo raw maoperahan, ooperahan ka."

Sabi niya, "Bawat isang salita n'yan ay totoo."

88 At tapos, yamang nakikita na siya'y mananampalataya talaga, haya't ang sabi Nito, "Ang pangalan mo ay Binibining *Ganito-at-ganoon*. Nanggaling ka pa sa *Ganito-at-ganoon*, at *ganito-at-ganoong* lugar."

Sabi niya, "Totoo po 'yan."

89 Ano 'yun? Hinagip ng ikaanim na pandama. Ang ikaanim na pandama't ang Espiritu Santo'y magkatabing nakatayo roon. Ang Espiritu Santo ang nagsasalita, ang ikaanim na pandama ang sumasagot ng "amen." Hayan mismo. May bagay na talagang siguradong mangyayari.

90 Nung tumakbo si Marta para salubungin si Jesus, at nung nagsabi siya, "Panginoon!" Masdan n'yo nga ang ikaanim na pandama. "Kung narito Ka sana, ang kapatid kong lalaki'y di sana namatay, pero sa kabila nun, anuman ang hingin Mo sa Diyos, ipagkakaloob sa Iyo ng Diyos." Hayan nga ang ikaanim na pandama.

91 Itinuwid ni Jesus ang Kanyang pagkakatayo, sabi, "Ako ang pagkabuhay na mag-uli at Buhay. Ang sumasampalataya sa Akin, gayong siya'y patay, anupa't siya'y mabubuhay. Sino man na nabubuhay at sumasampalataya sa Akin ay di kailan mamamatay. Sinasampalatayan mo baga ito?"

92 Ano ngang mahihirit mong sabihin, pagrarason? Hayun ang isang lalaki na nakaratay dun, patay, at gumagapang-gapang na ang mga uod sa kanya.

93 Pero kasasabi nga lang Niya na Siya ang pagkabuhay na mag-uli at Buhay. Salita 'yun mismo ng Diyos. Ang ikaanim na pandamang 'yun, na lampas sa kayang pag-aalaga ng doktor, lampas sa kayang isipin ng siyentipikong pananaliksik. Haya't sinasalungat ang lahat. Sinasalungat ang lahat ng pagrarason, at ginigiba 'yun. Bakit? Ito'y sumasaksi mismo sa Salita ng Diyos. "AKO NGA. Hindi Ako na 'Ako sa hinaharap, Ako sa nagdaan.' AKO NGA ngayon. Ako ang pagkabuhay na mag-uli at Buhay," isang Tao. "Ang sumasampalataya sa Akin, gayong siya'y patay, siya nga'y mabubuhay. At sinumang nabubuhay at sumasampalataya sa Akin ay di kailan mamamatay. Iyo bang sinasampalatayanan ito?"

94 Sabi niya, "Opo, Panginoon," ikaanim na pandama, "Ako po'y nananampalataya na Ikaw ang Anak ng Diyos na paparito sa mundo."

"Ang kapatid mong lalaki'y babangon muli." Oh, grabe!

95 Doon sa libingan sila'y nagpunta. Itong dalawa na ito, kapag maglakip, haya't siguradong may bagay na napipintong mangyari. Hayun nga ang super na pandama, katabi ang Diyos na nakatayo roon, talagang may bagay na mangyayari. Ang pandama na 'yun ay super na pandama, ang Diyos. May Bagay na nagsasabi nun kay Marta. Sumaksi na siya sa Kanya. Kilala niya mismo Siya. Nakilala niya na Siya ang mismong Mesiyas. At alam niya ito, na kung makatutungo lamang siya sa Kanya, kung makalalapit lamang siya sa Kanya at maiprepresenta ang kaso, marinig lang ang isang pangako na manggaling sa Kanya. Yun lang ang inaasam ni Marta. Nung

sabihin Niya, “Ako ang pagkabuhay na mag-uli at Buhay! Ang sumasampalataya sa Akin, gayong siya’y patay,” hayun nga mismo ang gustong marinig ni Marta, ang buong asam niya. Dahil, ang ikaanim na pandama, ang super na pandama, ang pananampalataya niya, kumikilos ito sa kanya para ipahayag si Jesus, sampalatayanan Siya.

96 Ang babaing ito, nung bumaba na siya mula sa entablado, ’yun nga’y GANITO ANG SABI NG PANGINOON. “Umuwi ka na at kumain. Pinagaling ka na ni Jesus Cristo.” Umuwi siya.

97 Nung gabing ’yun, isang kaibigan niya, na nakatira sa malapit, mga ikatlo o ikaapat lang mula sa kanya. At may malaking bukol siya sa kanyang leeg. At heto na siya, grabe nga ang pananabik niya, dahil ang kapitbahay niya’y gagaling na sa ulcer na ’yun na nagpapahirap sa kanya nang lubha. Isa lang ito sa daan-daang mga kaso, libo-libong mga kaso. At itong malaking bukol na nakabukol sa kanyang leeg, haya’t lumapit nga siya. Sabi ko, “Di na kailangang talusin pa ’yan, pero ikaw nga’y masaya tungkol sa kung anong bagay. May pananabik ka, dahil ang babae na ’yun na nakaupo roon ay kapitbahay mo lang.” Espiritu Santo!

98 Sa isip-isip niya, “Papaano ngang matatalos ng lalaking ito ang bagay na ’yan? May Bagay nga na nahayag sa kanya.”

99 Kaya nung masabi na ’yun, sabi Nito, “Prinoproblema mo ang leeg mo.”

“Opo.”

“Sumasampalataya ka ba na mawawala ’yan?”

“Sumasampalataya ako,” sabi niya, “nang buong puso ko.”

100 Sabi ko, “GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Umuwi ka at matatanggap mo ang kagalingan mo.”

101 Magpalinga-linga man ang natural na tao anupa’t di niya makikita ang anumang tanda. Ang babae na may ulcer ay uuwi at susubukan niya na kumain, at, naku, pakiramdam niya’y mamamatay siya. Oh, ang natural na tao, ang natural na pandama ng pakiramdam ay nagsasabi pa rin na naroon ang ulcer.

102 Kaya makalipas ang isang linggo o dalawa, nagpunta siya sa kabahayan, sa lahat ng mga tao sa iglesya, pinapatotoo na, “Pinagaling na ako ng Panginoon.”

At ang sabi nila, “Nakakakain ka na ba ngayon?”

103 “Wala pa, wala pa sa eksaktong nais ko. Pero,” sabi niya, “Pinagaling na ako, dahil sa Kanyang mga latay ay pinagaling na ako.” Kahit na ano pa ’yun, magaling na siya, ano’t anuman.

104 At isang umaga, pumasok na ang mga bata sa paaralan, at nagutom siya nang husto. Nakatayo siya, hinuhugasan ang mga pinagkainan, sa tabi ng bintana. Dumalo siya sa pagtitipon, sa

isa na namang pagtitipon nung makalipas lang ang isang taon. At naghuhugas siya noon ng mga pinagkainan, at nung siya, maya-maya, nakaramdam siya ng isang tunay na kakatwang pakiramdam na lumukob sa kanya. At naisip niya, "Ano kaya 'yun? Pakiramdam ko'y gusto kong sumigaw."

105 At sinabi na ng asawa niyang lalaki sa kanya, sabi, "Honey, itigil mo na kaya 'yang pagsasalita mo tungkol sa kagalingan-kagalingan na 'yan," sabi, "dahil," gayong ang lalaki'y isang Cristiano, sabi, "nakapagdadala ka lang ng kasiraan sa Ebanghelyo."

106 Papaano nga kayo makapagdadala ng kasiraan sa Ebanghelyo kung nagpapatotoo ka lamang tungkol sa Kanyang Salita? Mas magdadala kayo ng kasiraan kung hindi kayo nagpapatotoo tungkol Dito.

Sabi, "Kung magaling ka na, magaling ka na dapat."

107 Sabi ng babae, "Ang lalaking 'yun ay tumingin sa akin sa mata, at sinabi ang kondisyon ko at mga bagay na nagawa ko, at kung sino ako, at kung taga-saan ako." Sabi pa ng babae, "Wala pa nga ako noon sa loob ng gusali nang mag-lalabing limang minuto nung dumako siya sa entablado. Papaano ngang malalaman ng tao 'yun? Di ko pa siya nakikita kahit kailan. At sinabi niya sa akin, 'GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Pinagaling ka na.'" Tapos sabi niya, "Sasampalatayanan ko ito hanggang sa mamatay ako." Sabi niya, "Sasampalatayanan at sasampalatayanan ko, ano't anuman." Kaya, 'yung babae, at 'yung kapatid niyang babae na kasunod lang niya, isang kaibigan, ay may tipan sa Diyos, na panghahawakan nila ang pananampalatayang 'yun.

108 Nung umagang 'yun, may naramdaman siyang kakatwa. At, mga ilang minuto lang, bigla siyang nakaramdam ng gutom. Mangyari nga na 'yung mga bata'y nagtira ng kaunting oat sa plato, sa isang munting platito; at ang sabi'y kumakalam noon ang sikmura niya sa tuwing kakain siya ng oat. Sinuman sa inyo na may ulcer, alam n'yo 'yung pakiramdam na 'yun. Mangyari nga na kumutsara siya at kumain ng mga dalawang subo ng oat. "Oh, naku," sabi niya, "Pagdudusahan ko ito, sa palagay ko, pero isa sa mga araw na ito ay magiging maayos na ako." Pero napansin niya na gutom pa rin siya, kaya inubos niya 'yung sangplatito nun. Naghintay siya nang ilang sandali, tinitingnan kung anong mangyayari. Walang nangyari; mainam pa rin ang lagay niya, haya't gutom pa nga. Nagprito siya ng dalawang itlog, at nagsalin ng kape sa tasa, at naghanda ng tustadong tinapay, at magana siyang kumain. Talagang kumain lang siya hangga't gusto niya. Nagtungo na siya, hinugasan ang pinagkainan. At mga kalahating oras pagkatapos, nagutom uli siya. Walang sakit na naramdaman.

109 Nagsuot siya ng munti niyang bonnet, at doon sa kalsada'y lumakad siya, patungo sa bahay ng kapitbahay. At nung siya'y makasapit na roon, narinig niya, akala niya may kung sinong namatay sa pamilya roon. May paghihiyawan, at sigawan, at pagpaparoo't parito. Nakatulog ang kapitbahay niyang babae hanggang atrasado na nung umagang 'yun at bumangon, sinisipat 'yung bukol sa kanyang leeg, at naglaho 'yun nung gabi. Ano 'yun? Ang Diyos na kumikilos.

110 Dito sa may Cadle Tabernacle, noong magdaos kami roon ng pagtitipon. Yung pilay na batang lalaki na 'yun ay nagpunta roon, para maipanalangin. Marami sa inyo ang sumadya dun at nakakita sa kanya. Pinabalik nila siya sa silid na inilaan para sa mga taong kailangan ng agarang atensyon. Inihatid siya ni Billy sa akin. Pinasampa nila siya sa may entablado nang tatlo o apat na gabi, o nung . . . sa loob ng gusali. Di siya nakakuha ng prayer card, kaya inilagay nila siya sa silid na inilaan para sa mga taong kailangan ng agarang atensyon. Pumasok ako roon at siya'y ipinanalangin. Tiningnan ko siya. Sabi niya, "G. Branham, maaari po ba kayong magsabi sa akin ng bagay na magbibigay kaaliwan sa akin?"

Sabi ko, "Oo, naman, iho. Ang polio ang dahilan nito."

Sabi niya, "Tama po."

111 Sabi ko, "Ang pangalan mo ay *ganito-at-ganoon*. Galing ka sa ganitong lugar."

"Tama po," sabi niya. Sabi niya, "Papaano naman po ang kagalingan ko?"

Sabi ko, "Sa pamamagitan ng Kanyang mga latay ika'y pinagaling na."

112 Umuwi siya, na nagpapatotoo, nagbibigay papuri sa Diyos. At nagdadala lang daw siya ng kasiraan, ang sabi nila, doon sa pamayanan, hanggang sa isang Linggo isang grupo ng mga ministro ang pinuntahan siya at naupo sa tabi niya, at ang sabi, "Itigil mo na 'yan. Makapagdadala ka lang n'yan ng kasiraan sa Ebanghelyo."

113 At 'yung binata'y naupo roon, sabi, "Ginoo, kung nandito ka lang na nakaupo sa kalagayan ko, kung ikaw ang narito sa silyang de gulong na kinauupuan ko, siguradong hindi mo pangangahasan na ipagkait sa akin ang huling pag-asa na mayroon ako, kay Cristo." Sabi, "Sa pamamagitan ng Kanyang mga latay ako'y magaling na." At mangyaring pagkasabi na pagkasabi niya nun . . . Haya't nakaupo lang doon, paralisado ang mga paa, mga kamay, katawan, likod. At pagkasabi na pagkasabi niya nun, anupa't mula sa silyang de gulong na 'yun ay tumayo siya mismo, na niluluwalhati ang Diyos.

114 Ano? Sinasabi ng natural na mga pandama na mapapako siya sa pagkakaupo roon; sinabi ng doktor na mauupo siya roon

kailanman, o sa buong buhay niya. Pero sinasabi ng ikaanim na pandama, “Sa pamamagitan ng Kanyang mga latay ako ay pinagaling na.” At wala siyang pakialam sa . . . Haya’t ito’y paggiba sa lahat ng bagay na taliwas sa sinabi ng Diyos. Para dun ang ikaanim na pandama.

115 Si Tandang John Rhyn, hindi ’yung R-y-a-n, ’yung R-h-y-n. Yun po ’yung bulag na pulubi sa Fort Wayne, doon sa dako na ’yun nung pinuntahan namin nung araw na ’yun at siya’y ipinapanalangin sa pagtitipon. Yun ’yung gabi bago tumugtog nang kusa ’yung piano ng, “Ang dakilang Manggagamot ay malapit narito,” nang walang tumutugtog nun. At nung siya’y bulag pa, isa siyang Katoliko, sa pananalig. At siya’y—siya’y huminto sa pila, at tumingin ako sa kanya. Tapos sabi ko, “Ang pangalan mo ay *ganito-at-ganoon*, John Rhyn.”

“Opo.”

“Ikaw ’yung pulubi dun sa kanto. Matagal ka nang bulag, maraming taon na.”

“Opo. Tama po.”

“Isa kang Katoliko, sa pananalig.”

“Tama po.”

116 Sabi ko, “GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Tanggapin mo ang iyong kagalingan.”

Sabi, “Salamat po, ginoo.”

Sabi ko, “Pasalamatan mo ang Panginoon.”

Sabi niya, “Pero di pa rin ako makakita.”

Sabi ko, “Wala ’yang kinalaman diyan. Pinagaling ka na.” Tapos sabi niya . . .

117 Bumaba na siya, roon. Inalalayan nila siya na makababa sa entablado. Ang natural na tao nga’y hindi makakita. Wala silang makitang resulta mula roon, na kahit ano. “Aba,” sabi, “bulag pa rin naman siya kagaya dati.”

118 Kaya inalalayan siya ng dalawa niyang kaibigan pabalik sa pila para sa pananalangin uli, at pinapila siya uli. Pinayagan siya ni Howard na makapila. Nung makabalik siya, sabi niya, “Ginoo, diba’t sinabi mo sa akin na magaling na ako.” Sabi ko, “Diba’t sinabi mo rin sa akin na naniniwala ka sa akin.”

119 Sabi niya, “Naniniwala ako sa’yo. Wala akong dahilan para di ka paniwalaan.” Sabi, “Haya’t nagbanggit ka sa akin ng mga bagay tungkol sa aking buhay.” Tapos sabi niya, “Di ko alam ang gagawin ko.” Sabi, “May babae sa likod, na nagpapatotoo. At may goiter siya, mga ilang minuto pa lang ang nakararaan, at naglaho ’yun.”

120 Sabi ko, “Kung ganoon, kung pinaniniwalaan mo naman pala ako, bakit mo ako kinukuwestiyon? Ang sinasabi ko sa’yo ay Salita mismo ng Diyos.”

121 Sabi niya, "Ano nang gagawin ko ngayon, ginoo?" Yamang isa siyang Katoliko, at nangangailangan ng bagay na pisikal na mapanghahawakan niya, sabi ko, "Basta't magpatuloy ka lang na nagpapatotoo ng, 'Sa pamamagitan ng Kanyang mga latay ako'y pinagaling na,' at magbigay ka ng papuri sa Kanya."

122 Yung matandang lalaki, sa loob ng sumunod na dalawang sanlinggo, o tatlo, haya't nakatayo siya sa kanto at nagbebenta ng diyaryo. Sumisigaw siya ng, "Ekstra! Ekstra! Purihin ang Panginoon! Pinagaling na ako! Ekstra! Ekstra! Purihin ang Panginoon! Pinagaling na ako!"

123 Nung bumalik siya sa pagtitipon nung sumunod na gabi, hindi nga ako gaanong makapangaral nang maayos, dahil sa kanya. Bigla na lang siyang tumatayo at sisigaw, "Tumahimik ang lahat! Purihin ang Panginoon, sa pagpapagaling sa akin! Purihin ang Panginoon, sa pagpapagaling sa akin!" Yamang isa siyang Katoliko, hindi niya alam kung paano ilalagay sa lugar ang pananampalataya niya, pero alam niya na kung paulit-ulit niyang sasabihin 'yun, patuloy, patuloy, patuloy, hanggang sa kumilos ang ikaanim na pandama. Ganoon nga. "Purihin ang Panginoon, sa pagpapagaling sa akin!"

124 Nakatayo siya dun sa may kanto, sumisigaw, "Purihin ang Panginoon, sa pagpapagaling sa akin! Ekstra! Purihin ang Panginoon, sa pagpapagaling sa akin!"

125 Tapos lalakad siya sa kalsada. At kapag may mapapadaan, magsasabi, "Kumusta ka na, John?"

126 "Purihin ang Panginoon, sa pagpapagaling sa akin! Hayan nga." At pagtatawanan nila siya, at kukutyain.

127 Tapos may isa pang munting nagtitinda ng diyaryo dun na inalalayan siya papunta sa barbero, para magpaahit, mga dalawa o tatlong sanlinggo ang nakalipas, mula nung idaos ang pagtitipon. At pinaupo siya ng barbero sa upuan, at nilagyan ng krim ang kanyang mukha. Tapos sabi nito, "John," sabi ng isa dun, "Sa pagkakaalam ko. . ." Haya't may munti ngang nagdudunung-dunungan dun, na ang sabi, "Sa pagkakaalam ko nagpunta ka raw roon para makipagkita sa Makalangit na tagapagpagaling na 'yun mga ilang. . ." [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] ". . . dito."

Sabi niya, "Oo, nagpunta ako."

128 Sabi niya, "Sa pagkakaalam ko pinagaling ka raw," hayan nga't para kutyain lang siya.

129 At sabi ng matandang lalaki, "Oo. Purihin ang Panginoon! Pinagaling Niya ako!" Tapos bigla na lang namulat mismo ang kanyang mga mata. Umalis siya sa pagkakaupo sa upuan dun ng barbero, may tuwalya pa sa kanyang leeg. Yung barbero'y hinahabol-habol siya, na may pang-ahit sa kamay, at doon sa

kalsada'y nagtatakbo sila. Bakit? Ang Salita nga ng Diyos ay kumilos na.

130 Si munting Georgie Carter na nakaratay noon sa isang dako, lahat kayo rito'y nakakaalam n'yan. Ilan sa inyo rito'y, malapit. Naratay siya nang siyam na taon at walong buwan, ni hindi siya makagalaw na anupa't hinahatak na lang ang sapin ng kama sa ilalim habang naroon siya, na mantsado ng dumi mula sa kanyang mga bato't bituka. Tumitimbang lang siya ng tatlumpu't limang libra. Nakaratay roon sa Milltown, Indiana.

At ang mga kamag-anak niya'y kasapi sa isang iglesya na . . . Nung magpunta ako roon para magdaos ng pagtitipon sa iglesya ng Milltown Baptist, at manalangin para sa mga may sakit, ang sabi ng iglesyang 'yun, "Kung may miyembro ng kongregasyong ito ang dadalo sa panatikong 'yun, ititiwalag namin." At ang tatay niya'y diyakono roon.

131 Pero mangyaring may kopya siya ng munti kong aklat, na may pamagat na, *Si Jesus Ay Siya Rin Kahapon, Ngayon, At Magpakailanman*. Dinala siya ni Kapatid na Hall sa akin, isang hapon. Agad-agad na lumabas ng bahay ang kanyang nanay, ayaw nitong magkaroon ng anumang kaugnayan dito. Pumasok na ako at ipinanalangin siya. Sabi, "Buweno, ano nga po pala uli 'yung tungkol dun sa babaing Nail?" Alam niya 'yung tungkol sa pangitain.

132 Sabi ko, "Isa 'yung pangitain, kapatid. Ang magagawa ko lang ay manalangin. Ikaw nama'y manampalataya." Ang kaawa-awa ngang munting binibini'y tinuruan ng taliwas dun.

133 Ilang araw mula noon, nakatayo ako roon, nagbabautismo. Naroon siya, umiiyak. Anupa't, nangako siya na magpupunta siya at magpapabautismo uli, sa Pangalan na ni Jesus Cristo, kung pagagalingin lamang siya ng Diyos.

134 At doon, siya, ang munti niyang nanghihinang mga binti'y kasing ninipis lang ng hawakan ng walis. Hindi nga nila siya maipuwesto sa bedpan. Ang nanay niya, gayong batang-bata pang babae, siya'y nakaupo roon, dumaranas ng palsy, at puti na ang buhok, dahil sa kakatingin niya sa anak niyang babaing nakaratay dun, na unti-unti nang namamatay. May tuberkular sa pambabaing glandula, at kumalat na 'yun sa katawan niya. Tumitimbang lang siya ng mga tatlumpu't pitong libra, sa pagkakaalala ko, 'yun ang tantya nila. Di nila siya maiangat nang sapat para makapaglagay ng kahit bedpan sa ilalim niya. Sapin na lang ang inilalagay sa ilalim niya, sapin na gawa sa goma. Siyam na taon at walong buwan, naratay siya roon, ni di niya maiangat ang kanyang ulo para tanawin 'yung puno na naroon sa labas lang ng bintana.

135 Isang araw, habang nakatayo ako roon, sa ibabaw nung dalisdis ng burol, doon kina George Wright, sinabi sa akin ng Espiritu Santo, "Tumindig ka." At lumingon ako, at may Ilaw

na nagliwanag mula sa puno ng korneho. Sabi, "Humayo ka sa daan patungo kina Wright . . . " O, "Humayo ka sa daan patungo kina Carter."

136 Nung makarating ako roon, nagpakita na ang Panginoong Jesus ng tanda sa kanyang nanay na darating ako. Lumakad ako papunta sa binibining 'yun na nakaratay sa kama, sobrang hina niya na di niya kayang iangat ang saluhan ng kanyang dura. Hahawakan pa 'yun ng kanyang nanay. Siya, "Uh," hirap na hirap dumura dun sa saluhan na 'yun, dahil sa TB. Sabi ko, "Kapatid na babaing Georgie. Kinatagpo ako ni Jesus Cristo, na Anak ng Diyos, sa may kakahuyan, mga kalahating oras pa lang ang nakararaan, at sinabihan ako na magpunta rito at patungan ka ng mga kamay. GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Ikaw nga'y tumindig."

137 Kumilos ang ikaanim na pandama. May Kapangyarihang tumama sa binibining 'yun. Sa pinaka unang pagkakataon sa loob ng tatlong taon . . . o siyam na taon at—at walong buwan, di pa siya nakakatayo sa sarili niyang paa. Haya't napalundag pa sa kanyang sariling paa. Tumakbo sa bakuran, at hinangaan ang mga punongkahoy at mga damo, at lahat, at pumasok na sa loob at naupo sa may piyano, at nagsimulang tumugtog, "May isang Bukal na puno ng Dugo, na mula sa mga ugat ni Emmanuel tumutulo."

Bakit? Nagiba kasi ang mga pagrarason . . .

138 Hindi niya 'yun kaya. Wala akong maisip na kung paano ba nung mga oras na 'yun. Hinding-hindi ko maiisip. Tanging ang Kapangyarihan lang ng Diyos ang makapagpapatindig sa kanya nang ganoon. Ang mga binti nga niya'y di *ganoong* kalalapad, dito sa may kasukasuan; walang kalapad-lapad, parang mga hawakan lang ng walis. Ito nga'y labing-dalawang taon na ang nakararaan, labing-apat, at ngayon siya'y malakas na't malusog, na nagpapatuloy sa Panginoong Jesus.

139 Ano 'yun? Nung una, parang wala namang nangyayari, na anupa't sinasabi ng pagrarason na wala raw mangyayari. Pero, kapatid, nanghawakan siya sa Salita. Kung nagawa ng Diyos na lingapin ang pilay na babaing 'yun, doon sa Salem, yaong babaing Nail, na pilay at paralisado, at 'yung mga bisig niya'y nakalaylay na lang pababa nang *paganoon*, na napagaling siya, siya man ay Kanyang mapapagaling, din. Sinampalatayanan niya ito.

140 Si Kapatid na Hall, nakaratay noon dun, naghihingalo sa kanser. Yung siya ring lalaki'y dinala ako roon. Yung doktor niya, sa Milltown, ipinadala siya dun sa doktor na ito sa New Albany, sa dako rito, doon sa may Saint Edwards Hospital. Nakalimutan ko lang . . . Tumulong siya na maipanganak ang mga anak ko; mainam na lalaki, magaling na doktor. Ineksamin

siya ng doktor. Sabi, "Kanser." Sinabi kay Doktor Brown, sa Milltown, sabi, "Siya'y malapit nang mamatay."

Sabi ni Doktor Brown, "Yun din ang naisip ko."

141 Dinala siya sa bahay ng kanyang kapatid na babae, sa dako rito, na isang—isang kamag-anak ni G. Kopp, na dating huwes dito sa siyudad. At nung makarating siya roon, sabi, "Alagaan n'yo siya rito hanggang sa siya'y mamatay."

142 At nagpautos sila para ako'y magpunta roon. Nagpunta ako, araw-araw, kasama ang maybahay ko, sa dako roon. Amin ngang ipinanalangin si Kapatid na Hall. Minamahal ko siya. Isa siya sa mga naging akay ko kay Cristo. At lumalala na siya nang lumalala, at di na niya kayang igalaw ang kanyang mga kamay.

Sabi ni Gng. Hall, "Billy, may bagay ka ba na maaari mong magawa?"

143 Sabi ko, "Wala po sa abot ng nalalaman ko, Kapatid na babaing Hall. Hindi pa ako nakaririnig mula sa Panginoon. Kami'y. . ." Sabi ko, "Puwede kong patingnan siya sa aking doktor."

Sabi, "Sino ang doktor mo?"

Sabi ko, "Si Doktor Sam Adair."

144 Tapos tinawagan ko si Sam. Sabi ni Sam, "Ang puwede lang, maaari ko siyang ipadala sa Louisville, Billy, para ma-xray at mga bagay-bagay." Sabi, "Ibibigay ko sa iyo ang ulat." Nagpadala sila ng ambulansya roon, sinundo siya, dinala siya roon, ibinalik.

145 Tinawagan ako ni Sam, at sabi, "Billy, may kanser siya sa atay. Di namin kayang hiwain ang atay niya, at mabubuhay siya." Sabi, "Isa siyang mangangaral, kahit na anong mangyari ay nasa mabuti siyang estado. Siguro'y sabihin mo na sa kanya ang mangyayari."

146 Sabi ko, "Handa naman siyang yumao, Sam. Pero, ang mahirap lang dito, di ko maatim na makita siyang yayao na. Siya'y kapatid ko, at mahal na mahal ko siya."

Sa isip-isip ko, "Oh Diyos, gumawa Ka nawa ng isang bagay para sa akin."

147 Tumungo nga ako para mangaso ng squirrel, nung umagang 'yun. Tumanaw ako't, bago mag-umaga noon, wala pang tao sa bakuran. Binitbit ko 'yung mahabang baril ko't naglakad ako papunta sa bahay. Haya't may lumang magaspang-ang-itsura na mansanas na nakalutang sa may dingding. Sa isip-isip ko, "Bakit kaya isinabit 'yun ni Meda sa may dingding?" Tumingin ako, at biglang may isa pa at isa pa at isa pa, hanggang sa anim na 'yung nakalutang dun. Biglang napahubad ako ng sumbrero at napatirapa, sa sahig. Tiningala ko 'yun, at pagkatapos may malaki't magandang-itsura na mansanas ang bumaba at kinain

ang mga mansanas na 'yun. Tumingin ako, habang naroon 'yun sa itaas, at naroon nga ang siya ring Liwanag (na nakasabit diyan sa may litrato) na naroon, umiinog. Sabi, "Tumindig ka. Humayo ka, sabihin mo kay G. Hall, 'GANITO ANG SABI NG PANGINOON, hindi siya mamamatay, siya'y mabubuhay.'"

148 Nagpunta ako at sinabi 'yun sa kanya. Wala ngang naging pagbabago sa kanya, pero sinampalatayanan niya 'yun. Haya't pinanghawakan niya 'yun. Wala ngang pagbabago, mukha nga. Isang araw ang lumipas, walang pagbabago. Ikalawang araw, walang pagbabago. Nung mag-ikatlong araw na, hayun nga't nagsimula na. At heto siya, buhay na buhay ngayon, makalipas ang ilang mga taon at taon.

149 Pansinin n'yo, nakaupo rito, si Gng. Weaver, kung di ako nagkakamali, nung dumating ang anak niyang babae, matapos na mapagaling noon si Margie Morgan, nagpunta ako roon, haya't wala nang puwedeng magawa para sa babaing 'yun, ilang oras na lang ay mamamatay na siya. May isang iniksyon lang sila, o dalawa, na maibibigay sa kanya, at 'yun na 'yun. Nagsagawa sila ng pambabaing pag-oopera, kumalat na ang kanser patungo sa kanyang gulugod. Di nila sinasadyang mapakalat 'yun nung inooperahan nila 'yun. Talagang wala nang magagawa pang remedyo sa babae. Gusto ko siyang makausap noon tungkol sa pagpapagaling.

150 Pero sabi niya, "Ginoo, isa kang ministro ng Panginoong Diyos, at di ako karapat-dapat na puntahan n'yo sa bahay ko." Ibinibilang niya ang kanyang sarili na di karapat-dapat, na puntahan ng isang ministro. Sabi niya, "Namuhay ako nang di tamang buhay. Sumasayaw-sayaw ako noon. At nakagawa ako ng mga bagay na di ko dapat ginawa noon. Nagmumura ako noon, o kung ano pa." Sinabi niya sa akin ang mga kasalanan niya. Tapos sabi niya, "Di po ako karapat-dapat."

151 Kitang-kita ko roon na tumutugaygay nga siya sa tamang pagkakalinya. Kinakailangan niyang matunton si Cristo *rito*, bago kumilos ang ikaanim, ang super na pandama na 'yun.

152 Lumuhod kami. Kinausap ko siya, tungkol sa, "Gayong ang iyong pagkakasala ay kasing pula." Ibinigay niya ang buhay niya sa Panginoong Jesus Cristo. At nung gawin niya, sabi niya, "Oh, oh, ibang-iba na ang pakiramdam ko. May kung anong bagay na nangyari sa akin. May bagay na nangyari sa akin. Gusto kong makipagkamay sa inyong lahat."

153 Doon nga'y bigla akong napatingin at nakita ko siya sa isang pangitain, nasa likuran daw ng bahay sa isang kulungan ng manok. Sabi ko, "Gng. Weaver, GANITO ANG SABI NG PANGINOONG DIYOS, pupunta ka sa kulungan na 'yun ng mga manok, at mabubuhay ka."

154 Hindi nga niya kayang makapunta sa dakong 'yun dahil sa nararamdaman niya; kinain na siya nang husto ng kanser.

Di nga niya kayang magpunta kung pagbabasehan ang sinabi ng doktor; malapit na siyang mamatay. At ’yun nga’y, sa pagkakaalam ko, labing-apat, labing-limang taon na yata ang nakararaan, Gng. Weaver? [Sinasabi ni Gng. Weaver, “Labing-apat.”—Pat.] Labing-apat na taon na ang nakararaan. Hirap na hirap siyang makapaglakad papunta rito sa tabernakulo noong masakitin siya, mukha ngang di niya kakayaning bumangon ng kama, dahil munti’t manipis na buto’t balat na lang ang mga braso, pero nagtungo pa rin dahil ipinangako niya sa Diyos na pupunta siya at magpapabautismo sa Pangalan ni Jesus. Inalalayan namin siya mula sa silyang de gulong, diyan sa banda riyan, mula sa isang silyang de gulong, inalalayan siya sa tubig at binautismuhan siya sa Pangalan ni Jesus. At hayan nga siya na nakaupo, ngayong gabi. Tingnan n’yo siya, kung gusto n’yong makakita ng isang halimbawa ng may mabuting kalusugan. Bakit? Giniba ang mga pangangatwiran at mga siyentipikong pananaliksik, at lahat, dahil ang ikaanim na pandama’y kumilos. Ganoon nga.

155 Tingnan n’yo, hayaan n’yong sabihin ko lang ito, uli, pansumandali. Dumaan si Jesus noon sa isang punongkahoy, isang beses, at isang puno ’yun ng igos. At tumingin Siya sa puno ng igos. Ngayon, sana, huwag n’yo itong mapalampas. Tumingin Siya sa puno ng igos, at walang bunga ng igos dun. At ang sabi Niya. . . Sinumpa Niya ang puno, haya’t ang sabi, “Wala nang kakain mula sa iyo.”

156 Tumingin sa palibot nun ang mga alagad; ang itsura nga ng puno’y ganoon pa rin sa dati. Isang oras mula noon, ganoon pa rin ang itsura. Hindi nga ibinuka ng Diyos ang lupa at nilamon ’yun. Hindi nagpadala ang Diyos ng sanga-sangang kidlat mula sa langit at tinupok ’yun hanggang sa maging uling. Puwede namang ’yun ang ginawa Niya. Tunay, magagawa Niya. Pero di Niya ginawa ang mga bagay na ’yun.

157 Anong nangyari? Sinumpa ang puno. Ang pananampalataya ng Diyos ay ipinataw sa buhay ng puno na ’yun. Wala ka ngang makikita roon sa pisikal. Pero doon nga sa kailaliman ng lupa, doon sa ilalim sa mga ugat, ang kamatayan nga’y pumapasok na. Sinumpa na ’yun. Ang ikaanim na pandama’y dumating laban dun. Siguradong mamamatay ito. Haya’t nagsimula itong mamatay, mula sa mga ugat.

158 Yun din ang nangyayari sa kanser. Yun din ang nangyayari sa tumor. Yun din ang nangyayari sa alinpamang mga sakit, kapag ang ikaanim na pandamang ’yun ng kapangyarihan ng Panginoong Jesus ay titindig laban dun. Sabi, “Satanas, lumayas ka mula riyan.” Marahil wala kayong makikita na pisikal na kumukondisyon agad-agad, pero umaangkla na dun ang pananampalataya ano’t anuman. Sinumpa na ’yun. Hindi nga ’yun lulubayan ng ikaanim na pandama, hinding-hindi ’yun patatakasin ng ikaanim na pandama. Hindi nun alintana kung

ano pang nararamdaman mo, anong itsura mo, ano man ang ikinikilos mo. Wala nga 'yung magiging kinalaman dun. Pinairal na ang Salita ng Diyos. Umangkla na roon ang ikaanim na pandama. Ganoon lang. Kikilos ito; magsisimulang malanta hanggang sa mawala na ang kanser. Mamamatay 'yun mula sa mga ugat, at maglalaho. Tunay.

159 Sa pamamagitan ng mabisang ikaanim na pandama na ito, ang mga kaharian ay nadurog, nagsibagsakan ang mga pader sa isa't isa.

160 Sa pamamagitan ng ikaanim na pandamang ito, ang Dagat na Pula'y bumuka, at may tuyong lupa na naging daan para ang mga anak ng Diyos ay makaalpas.

161 Sa pamamagitan ng siya ring ikaanim na pandamang ito, ginapi ni Samson ang sanlibong mga Filisteo na naaarmahan ng mga baluti't sibat. Wala siyang paraan dun para ipagtanggol ang sarili niya, kundi buto lang ng panga ng isang ligaw na mola. At ang ikaanim na pandamang 'yun ay kumilos, at ginapi niya ang sanlibong mga Filisteo. Hallelujah!

162 Sa pamamagitan ng ikaanim na pandamang ito, ang mga patay ay ibinangon. Sa pamamagitan ng ikaanim na pandamang ito, dakilang mga himala ang ipinamalas.

163 Ito ang pinaka makapangyarihang puwersa na tumama sa lupa, itong super na pandama, na tinatawag na, ikaanim na pandama. Wala itong kinalaman sa dakong *ito* rito. Kung ang dakong ito rito'y magpapahayag, at magsasabi ng "amen" Dito, mainam, uusad ka. Pero anuman ang gawin nito rito, *Iyon* nga'y sampalatayanan mo. Naroon ang kapangyarihan, "na kung makasasampalataya ka sa puso mo." Ang ikalimang pandama mo, ng pag-iisip, ay nariyan sa iyong utak, pero ang ikaanim na pandama mo'y naroon sa iyong puso. Ikaw nga'y sumasampalataya sa pamamagitan ng puso. Ang paghahayag ay ginagawa naman ng bibig. Sa pamamagitan ng iyong puso ka sumasampalataya, siyanga, po, sa ikaanim na pandama na 'yan, ang makapangyarihang puwersa na 'yan.

164 Pakinggan n'yo. Dahil sa ikaanim na pandama na 'yan, may propeta nga na itinapon noon sa kulungan ng mga leon. At dahil sa ikaanim na pandama na 'yan, di nakain ng mga leon si Daniel. Di nila nagawa. Di sila makalapit sa kanya, dahil sa ikaanim na pandamang 'yun, sa super na pandama na 'yun.

165 Sa pamamagitan ng ikaanim na pandama na 'yun, tatlong binatang Hebreo ang itinapon sa nag-aalab na hurno, at sinalansang nila ang mga apoy sa hurno na 'yun. Ang ikaanim na pandama na 'yun! Lahat ng pagrarason ay magpapatunay na masusunog sila hanggang mamatay bago makarating dun, pero ang ikaanim na pandama'y nanatili sa kanila nang dalawa o tatlong oras. At nung buksan nila ang hurno, may nakita sila na Isa na nakatayo roon na kasama ng mga binata, na tulad sa

Anak ng Diyos. Yun ang ikaanim na pandama. Hinding-hindi ’yun matutupok ng apoy. Siyanga, po.

166 Yun din ang siya ring ikaanim na pandama, isang beses, nung si Apostol Pedro’y nakahiga noon sa may bilangguan, at pupugutan na nila siya ng ulo, sa kasunod na araw, at doon sa bahay ni Juan Marcos ay nagtitipon ang mga kapatiran para manalangin. Yung ikaanim na pandamang ’yun ay lumukob sa buong palibot ng bilangguan, kung saan binalot si Pedro ng panalangin. Kumilos ang ikaanim na pandamang ’yun. Pumasok ang Haliging Apoy sa pamamagitan ng bintana at hinipo si Pedro, at nagsabi, “Halika, lumabas ka riyan.” Ang ikaanim na pandama!

167 Ang ikaanim na pandamang ’yun ang di nagpahintulot na si San Pablo’y malunod sa nangangalit na dagat na ’yun, noong pasukin na nang husto ng tubig ang munting barko. Ang ikaanim na pandamang ’yun ang nag-ingat sa kanya para di malunod, ang super na pandama na ’yun. Yaong ikaanim na pandama na ’yun, din, nung tuklawin siya ng ahas sa kamay, kanyang pinagpag lang ’yun sa apoy. Ang ikaanim na pandama ang gumawa nun.

168 Ang ikaanim na pandama ang nagbangon kay Jesus Cristo mula sa mga patay, matapos na mahimlay Siya sa lupa, dahil sumampalataya Siya sa Salita ng Diyos. Sabi, “Gibain n’yo ang katawan na ito, haya’t itatayo Ko ito muli sa ikatlong araw. Dahil sinabi ni David, ‘Di ko titiisin na ang Aking Banal ay makakita ng kabulukan, ni iiwan Ko ang Kanyang kaluluwa sa impyerno.’” Ang super na pandama ’yun. Giniba ang mga pagrarason ng ibang mga pandamang *ito*. Sampalatayanan n’yo ang super na pandama, ang pandama ng pananampalataya, na ibinibigay ni Jesus Cristo.

169 Sa pamamagitan ng siya ring pandama na ’yun, nagsalita ang Diyos mula sa wala. Ano ang pandama na ’yun? Ang super na pandamang ’yun ay ang Diyos, ang pananampalataya ng Diyos na nasa inyo, ang bahagi ng Diyos na dumarating sa inyo, na nagbibigay sa inyo ng super na pandama. Sa pamamagitan ng siya ring super na pandamang ’yun, tinatag ng Diyos ang sanlibutan mula sa mga bagay na wala’t di nakikita. Sinalita Niya ang Kanyang Salita at sinampalatayanan ang Kanyang Salita, at isang sanlibutan ang uminog patungo sa pag-iral. Kaluwalhatian!

170 Ang ikaanim na pandama, ang super na pandama, Oh Diyos, Iyo pong ibuhos ito sa akin. Iyong ibigay ito sa akin at sa bawat isa na nangangailangan nito. Iyo pong ibuhos ang ikaanim na pandamang ito sa akin, Panginoon. Handa po akong isuko ang limang ito, ang sarili kong kaalaman, pag-iisip, na ginigiba ang lahat ng pagrarason, Panginoon. Iyo pong ibunsod na ang Iyong Salita ang totoo, at ang salita ng bawat tao’y kasinungalingan. Bawat pagrarason, bawat pagdududa, ay magiba’t mawaksi, at

nawa'y palakarin ako sa pamamagitan ng super na pandamang ito, ang pandama ng Espiritu Santo.

171 Hindi ba't inaasam n'yo 'yan? Iyon ang bagay na inaasam natin. Pagpalain kayo ng Diyos, mga kaibigan. Iyon ang kailangan n'yo. Ang super na pandamang 'yan ay hihiling ng isang bagay, at batid nito na ipagkakaloob Niya ito. Ito'y lubos na nanalig. "Ang lumalapit sa Diyos ay dapat sumampalatayang Siya'y Diyos, at tagapag bigay ganti sa kanila na sa Kanya'y nagsisihanap."

172 Kung sinasabi ng ikaanim na pandama, "Tinutupad ng Diyos ang Kanyang Salita. Ibinibigay ko ang sarili ko sa Kanya. Isinusuko ko ang lahat ng mayroon ako, sa Kanya. Sinasabi ng pandama ko na ito'y ipangyayari nito, ng aking pananampalataya sa Salita ng Diyos." Kung ganoon, wikain mo ang anumang bagay, na laban dito, na 'yun ay di umiiral.

173 Nakatagpo ni Abraham ang Diyos, at ang sabi ng Diyos, "Magkakaroon ka ng sanggol kay Sarah." At siya'y sitenta y singko na noon, at siya nama'y sisenta y singko. Winika ni Abraham ang lahat ng bagay na hindi, na la- . . . na laban dito, na 'yun ay di umiiral. Lumakad siya na parang nakita niya talaga ang Diyos, at siya'y—siya'y sumampalataya.

174 Wiwikain niya ang anumang bagay na nagsasabi na di siya uubra, bawat pagrarason, bawat bagay na . . . Marahil sinabi ng doktor na, "Naku, Abraham, napakatanda mo na para riyan." Balewala sa kanya ang kahit anumang sabi-sabihin ng doktor, anumang sabi-sabihin ng ibang tao, anumang sabi-sabihin ng kanyang sariling pag-iisip, anumang sabi-sabihin ng iba. Ang Diyos ang tama, at nanatili siya roon.

175 Hayun nga ang ikaanim na pandama, ang super na pandama. "Diyos, ibigay Mo ito sa akin. Diyos, ibunsod Mo na magkaroon ako ng mas marami pa nito," para makapag-ministeryo sa Kanyang mga hirang, 'yan ang dalangin ko.

176 Nitong umaga, nung dalhin ng nanay na ito ang munting, pulang-buhok na sanggol, ang nanay na 'yun ay nakatayo rito, na ang mga luha'y umaagos sa kanyang mga pisngi. Sabi ko, "Ano pong problema, kapatid na babae?"

177 Sabi niya, "Kapatid na Branham, ang sanggol ko ay may leukemia."

May naramdaman akong kung ano na pumailanlang. Oh! "Ang Diyos ay laging handang saklolo sa panahon ng kabagbagan."

178 Dito hindi pa katagalan, si Billy at ako'y bumibiyahe sa daan, nagmamaneho. May mga itim na lalaki na dumaan din sa daan, at mabilis ang pagmamaneho nila. At may nasagi silang kotse, at umikot, nang umikot, nang umikot ang kotse, at tumilapon ang mga sakay na kalalakihan sa daan. At may

isang munting lalaki na nadaganan sa ilalim ng kotse, na ’yung likod niya’y naipit sa kotse. Mabilis na sumaklolo ang mga lalaki at sinimulang iangat ang sasakyan. Sabi niya, “Oh, naku huwag! Mababali ang likod ko! Huwag! Papatayin n’yo lang ako! Papatayin n’yo lang ako! Huwag n’yong iangat!”

179 Tapos sabi nila, “Oh, kailangan naming maiangat ito mula sa’yo. Magliliyab na ito.”

180 Sabi, “Naku. . .Huwag n’yong iusog. Pinipisa n’yo lang ako hanggang mamatay! Huwag! Huwag!”

Sumigaw ako sa tao sa ilalim, “Iho, isa ka bang Cristiano?”

Sabi niya, “Hindi, po.”

Sabi ko, “Kailangan mong manalangin.”

Sabi niya, “Sige, po.”

181 Kumilos ang ikaanim na pandama. Lumakad ako sa likod nung kotse. At di ko nga malulubos-isipin hanggang Paghatol. Pero, bigla na lang, bumaligtad ang sasakyan, at naalis ’yun sa pagkakapatong sa kanya. [Pinalagitik ni Kapatid na Branham ang kanyang daliri nang isang beses—Pat.] At dali-daling tumayo siya’t maayos na ang lagay. Ano ’yun? “Isang handang saklolo sa panahon ng kabagbagan.”

182 Bumibiyahe kami noon mula sa. . .May isang itim na babae na nagmamaneho ng kotse sa daan, isang bagong Plymouth, na mga apatnaraang milya na ang milyahe nun. Medyo mabilis ang pagpapatakbo niya. At nakita ko ’yung kotse. Bumangga’t bumakat ang makina nito sa puno. Si Billy at ako’y huminto. Ang daan sa harapan namin ay puno na ng niyebe, at madulas na mismo ’yung daan, pero tuyo pa bago dumating dun. Yung babae. . .Malakas noon ang ihip ng hangin, sa Minnesota, na hinipan nun ang kotse. Naaalala mo ’yun, Billy. Tumakbo ako papunta sa babae. At, doon, nakaupo siya roon. Sabi niya, “Oh, mamamatay ako. Mamamatay ako.” Tumawag sila ng ambulansya.

183 May dumating na ambulansya, pero may patay na lalaki na naroong sakay sa likod ng ambulansya. Sabi, “Di ko siya madadala.”

184 At kaya ang sabi ng magsasaka, “Buweno, magpadala kayo ng iba, dali. Mamamatay na ang babae.”

Lumapit ako dun. Tapos sabi ko, “Binibini, sandali lang.”

185 Sabi niya, “Oh, huwag mo akong iangat, ginoo. Huwag mo po akong iangat. Ang likod ko po!”

186 Sabi ko, “Binibini, isa ka bang Cristiano?” Tumingin siya sa akin. Tapos sabi ko, “Isa akong ministro ng Ebanghelyo. Kung mamamatay ka na, ano naman po ang kalagayan mo sa Diyos?”

Sabi niya, “Ginoo, gusto kong maituwid, ngayon.”

187 At kumilos ang ikaanim na pandama. Bumaba roon ang kapangyarihan ng Diyos. Haya't nakapaglakad na siya palabas ng kotse, na walang tulong sa kahit kanino man. Ang kapangyarihan ng Diyos, ay naroon, "Ang handang saklolo sa panahon ng kabagbagan."

188 Lumalakad tayo sa pananampalataya. Namumuhay tayo sa pananampalataya. "Ang ganap ay mabubuhay sa pananampalataya." Marapat lamang na mamuhay tayo sa paraan na 'yun. Ilan po rito ang nag-aasam nang mas marami pa nitong ikaanim, nitong super na pandama?

Haya't iyuko na natin ang ating mga ulo kung ganoon, habang tayo'y mananalangin.

189 Katangi-tanging Diyos, aming Diyos at aming Ama, Ikaw po'y lubos na mabuti sa amin. Binigyan Mo kami ng limang pandama para makapamuhay at makalakad, sa lupang ito, o para—o para mahawakan ang mundong ito. Nagagawa namin na mahipo ang mga bagay-bagay na—na nahihipo, gamit ang aming mga kamay, ang mga bagay na nahihipo. Binigyan Mo po kami ng pandinig, para makapakinig kami. Ikinagagalak namin ito, na nakakapakinig kami ng Salita ng Diyos, at, sa pamamagitan nun, "Ang pananampalataya'y dumarating sa pamamagitan ng pakikinig, pakikinig ng Salita ng Diyos." Kami po'y nagpapasalamat para sa anim na mga pandamang ito, Panginoon. Nawa'y mapanatili namin ang lahat ng ito, sa lahat ng mga araw ng aming buhay.

190 Pero nawa'y ang super na pandama na ito, nawa ang pandama na ito ng pananampalataya, na pagmamay-ari ng mananampalataya, yamang nararapat lamang na taglay niya ito para makasampalataya. Panginoon, Iyo pong bigyan kami nang marami pa nito. Oh, linisin Mo po itong maigi, Panginoon, at subukin kami, at punuin kami ng Iyong kabutihan at Iyong kapangyarihan. Iyong ibunsod kami na makapaglakad sa lahat ng mga araw ng aming buhay, sa pamamagitan ng ikaanim na pandama, sa pamamagitan ng pandama ng pananampalataya, na tanging si Jesus Cristo lamang ang nagbigay. Na anuman ang ipanalangin namin, nawa'y sampalatayanan namin na matanggap ito, na walang pag-aalinlangan sa aming puso, at gaya ng ipinangako Mo na ito'y mapangyayari.

191 Sila na mga nakataas ang mga kamay, Panginoon, ako po'y nananalangin para sa kanila. Sila'y may pangangailangan. Batid Mo ang mga pangangailangang ito. Dalangin ko na Iyong ipangyayari ang mga ito, sa bawat isa sa kanila. Nawa'y matupad ito, ang asam nila. Hinihiling ko po ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

Faith in the Father, faith in the Son,
Faith in the Holy Ghost, these three are One;

Demons will tremble, and sinners awake;
Faith in Jehovah will anything shake.

192 Narinig n'yo na ito, noon? Ngayon nang walang tugtog, pansumandali . . .?. . .

Faith in the Father, faith in the Son,
Faith in the Holy Ghost, these three are One;
Demons will tremble, and sinners awake;
Faith in Jehovah makes anything shake.

193 Siyanga. Oh, grabe! Katangi-tanging pananampalataya! Katangi-tangi't, maluwalhating pananampalataya! Diyos, Iyo pong bigyan ako ng pananampalataya. "Sa pananampalataya, si Abraham. Sa pananampalataya, si Isaac. Sa pananampalataya, si Abel ay naghandog nang lalong mabuting hain kaysa kay Cain; na kahit patay, ay nakapagpatotoo." Oh, kailangang-kailangan natin ng pananampalataya! Iniibig ko Siya. Nag-aasam ako ng mas lalo pang pananampalataya. Ang asam ko sa buhay, at sa bagong taon na ito na parating, ay ibayo pang pananampalataya sa Diyos. Diyos, Iyo pong iwaglit ang anumang pag-aalinlangan sa isip ko, kung may susulpot man. Si Satanas nga'y lumalaban sa inyo, lumalaban siya sa akin, sinusubukan niyang magpana ng kanyang palaso. Pero nawa'y taglay ko ang kalasag ng pananampalataya sa tuwina sa harap ko, para magsitibay sa lalang ng diyablo, para salagin, para alisan ng bisa ang kanyang nagniningas na mga suligi, 'yan po ang sinsero kong pananalangin. Pagpalain kayo ng Diyos.

194 May sasabihin ka pa po ba, Kapatid na Neville? [Sinasabi ni Kapatid na Neville, "Wala naman na, mag-aanunsyo lang marahil."—Pat.] Sige po't halika.

*ISANG SUPER NA PANDAMA* TAG59-1227E
(A Super Sense)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng gabi, Disyembre 27, 1959 sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2020 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org